

# **SAYAW NG PAGBATI NG PARAÑAQUE**

## **Isang Dokumentasyon at Pag-aaral**

**Bilang Pagsasakatuparan ng mga pangangailanganin sa kursong PA 199**

**Ipinasa kay:**

**Bb. Donna Aelred Bautista**

**Tagapayo**

**Ipinasa ni:**

**Jennifer Chris A. Sta. Agueda**

**99-85009**

**Departamento ng Sining at Komunikasyon**

**Unibersidad ng Pilipinas-Manila**

**October 16, 2003**


## PAHINA NG PAGTANGGAP

Ang tesis na ito na pinamagatang: SAYAW NG PAGBATI NG PARANAQUE: isang dokumentasyon at pag-aaral na iniharap ni Jennifer Chris A. Sta. Agueda bilang pagsasakatuparan ng isa sa mga pangangailangan para sa pagtatapos ng BA Philippine Arts ay tinanggap na.



---

**Dr. Pacita Gavino**  
Pinuno  
Departamento ng Sining at Komunikasyon



**Bb. Donna Aelred Bautista**  
Tagapayo



---

**Dr. Marilou G. Nicolas**  
Dekana  
Kolehiyo ng Agham at Sining

---

Petsa

**JENNIFER CHRIS A. STA. AGUEDA**  
8453 Sta. Agueda Compound,  
Sto. Niño, Parañaque City 1704  
852-9548/0916-252002  
tickles\_treat@yahoo.com



---

## Education

**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES- MANILA**  
Taft Avenue, Manila

**June 1999 - October 2003**

Bachelor of Arts in Philippine Arts  
Major in Arts Management

**ST. PAUL COLLEGE OF PARAÑAQUE**  
San Dionisio, Parañaque

**June 1994 - March 1998**

High School Diploma  
March 1998

## Work Experience

**Kentucky Fried Chicken, Inc.**  
San Diego, California, USA  
Team Member

**August 2002 - October 2002**

Responsible for the cash register; Acquiring skills and experience in relating and working with different people.

**Museo Pambata**  
Roxas Boulevard, Manila  
Curator- On the Job Trainee

**May 2002 - June 2002**

Assists students and visitors around the museum; Responsible for reporting damages and conditions of assigned rooms; Prepares evaluation report regarding the function and traffic within the museum; Prepares programs for children.

**DAYAW Festival**  
Luneta Park, Manila  
Tour Guide

**December 2-9, 2001**

Assists the organizers of the festival with its participants and visitors; Prepares pamphlets and information sheets to be given away to visitors; Prepares reports for presentation to the head of the department regarding developments on the different programs and features in the festival.

### **Special Awards**

#### **College Scholar**

2<sup>nd</sup> term 1999-2000, 1<sup>st</sup> term 2000-2001, 1<sup>st</sup> term 2001-20002

### **Extra-Curricular Activities**

#### **UP Manila INDAYOG Dance Varsity**

**June 2000 - October 2003**

Executive Secretary (October'01-March'02); Member  
Documents meetings and performances of the organization.

#### **UPSalinlahi**

**June 2000 – October 2003**

Member

### **Research Papers prepared:**

A research paper on the BURNAY JARS of VIGAN, ILOCOS SUR      October 2000  
A research paper on BATAAN's Cultural and Historical Heritage      July 2001  
A research paper on PARAÑAQUE's Cultural and Historical Heritage      October 2001

### **Workshops attended:**

Production Design Workshop  
Curatorship and Collection Management Workshop  
Visual Arts Workshop  
Performing Arts Workshop

### **Personal Background**

Born on July 29, 1981 in Parañaque, Philippines. Fluent in English and Tagalog. Knowledgeable in different research methods and computer literate (Internet, word processing, excel, adobe photoshop). Interests: reading literature, trekking and nature-tripping, playing badminton and enjoys dancing.

Persevering, creative, responsible and hardworking.

## **NILALAMAN**

<b>I.</b>	<b>Introduksyon</b>	<b>1</b>
	<b>A. Pagpapakilala ng Paksa</b>	
	<b>B. Paglalahad ng Suliranin at Layunin ng Paksa</b>	
	<b>C. Sakop at Limitasyon</b>	
	<b>D. Pamamaraan ng Pag-aaral</b>	
	<b>E. Kahalagahan ng Pagsusuri</b>	
	<b>F. Pagbabalik-tanawa sa kaugnay na Literatura</b>	
<b>II.</b>	<b>Ang Bayan ng Paranaque</b>	<b>7</b>
	<b>A. Kasaysayan ng Parañaque</b>	
	<b>B. Baranggay at Ekonomiya</b>	
	<b>C. Relihiyon at Alamat ng Parañaque</b>	
	<b>D. Tradisyonal na Pagdiriwang</b>	
<b>III.</b>	<b>Ang Tradisyon ng Salubong sa Parañaque</b>	<b>16</b>
	<b>A. Pasyon, Kamatayan at Pagkabuhay ni Hesus</b>	
	<b>B. Dokumentasyon ng Salubong sa La huerta, Parañaque</b>	
<b>IV.</b>	<b>Ang Sayaw ng Pagbati ng Paranaque</b>	<b>21</b>
	<b>A. Katangian at Kaanyuan</b>	
	<b>B. Hakbang ng Sayaw ng Pagbati</b>	
<b>V.</b>	<b>Pagsusuri: Ang Sayaw ng Pagbati bilang isang Pista , Ritwal,</b>	
	<b>Panata o Debosyon</b>	<b>31</b>
<b>VI.</b>	<b>Konklusyon at Rekomendasyon</b>	<b>41</b>
<b>VII.</b>	<b>Bibliograpiya</b>	<b>45</b>
<b>VIII.</b>	<b>Listahan ng mga Appendis</b>	<b>47</b>

## ACKNOWLEDGEMENT

Nais kong pasalamatang ang aking tagapayo, si Bb. Donna Bautista, sa walang sawang pagpapaliwanag ng mga dapat kong linawin sa aking tesis. Sa aking mommy at daddy, para sa kanilang suporta at pagtitiwala na matatapos ko ang aking tesis. Sa aking mga tunay na kaibigan na si Brie, Rhea, Jing at Charls na nagbigay sa akin ng lakas ng loob at tumulong sa paggawa ng aking tesis, lalo na si Charls na nagpakahirap bumili ng Coke.☺ Sa aking mga ka-batch at solid na mga klasmeys sapagkat kahit na hindi na kami nagkakasama sinuportahan pa rin nila ako at napakaganda ng batch natin. Sa aking mga kapatid na si Jamie at Jaypee na hindi tumigil sa paniniwalang matatapos ko rin ito. Kay Mam Bing Bonilla sa pagiging sobrang bait na panelist at kay Mam Me-an Pernia sa page-edit ng paper ko. Kay Polet, Kat at Chichi na nagpasaya sa aking huling semester sa UP. At kay Ana sapagkat lagi siyang nandiyan upang magbigay ng suporta, tulong at pagmamahal ♥. Sa mga taga-Parañaque dahil naging mabait sila sa akin at binigay nila lahat ng kailangan ko sa tesis na ito. At higit sa lahat sa Panginoong Diyos na tinugunan ang aking kahilingan na matapos na ang aking tesis.

## ABSTRAK

Ang 'bati' o Sayaw ng Pagbati ay isang sayaw ng pagsalubong sa Panginoong Hesukristo. Sinasalamin nito ang kasiyahan at kagalakan ng mga tao na nabuhay ng muli si Hesus. Isang kinaugaling tradisyon ito sa bayan ng Parañaque na dinaraos tuwing Semana Santa. Isang bahagi ito sa pagdaraos ng Salubong na hanggang sa ngayon ay lubos na tinatangkilik ng mga Paraqueños. Isisnasagawa ito sa apat na baranggay tulad ng Sto. Niño, San Dionisio, Don Galo at La Huerta.

Sa pag-aaral na ito layunin ng mananaliksik na tukuyin ang pangyayari sa buhay ng Hesukristo kung saan nakabatay ang pagdiriwang ng Sayaw ng Pagbati. Pangalawa, mailarawan ang hakbang ng Bati at suriin kung may sinisimbolo ang ilang mga hakbang. Pangatlo, ay isa-isahin ang mga saloobin at pananaw ng ilang mga mananayaw at ma-iugnay ang kanilang mga pananaw sa tatlong aspeto na ilalarawan at sa gayon ay masuri kung ano ang kahalagahan at kahulugan ng Bati para sa mga Paraqueño. At pang-apat ay mabigyang linaw ang konsepto ng Bati para sa Paraqueño kumpara sa mga artikulo o akdang nailimbag na ukol dito.

Nalaman sa pagsusuri na ginawa na ang Bati ay isa lamang sa pamamaraan ng mga Katolikong Paraqueño upang ipagdiwang ang muling pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo. Sa pagdiriwang na ito iniaalay ng buong komunidad ang kanilang mga panalangin at pagpapasalamat sa Panginoong Hesukristo. Ang ilang mga hakbang ng sayaw ay nagpapakita ng pagbibigay importansya sa mga sinisimbolo ng mga imaheng sinasayawan. Sa sayaw rin na ito naipakita ang pagtatagumpay ng Panginoong Hesukristo sa kamatayan. Litaw na litaw sa Sayaw ng Pagbati ang paniniwalang pangrelihiyon ng mga Paraqueño. Makikita ang kanilang paniniwala sa Panginoon bilang espiritu na magliligtas at dudulog sa kanilang mga pabor at panalangin.

Sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga taga-La Huerta, Don Galo at Sto. Niño, napag-alaaman na iba ang kanilang konsepto ng Bati sa nailimbag na kahulugan na binigay ni Francisca Reyes Aquino, isang National Artist para sa Sayaw. Sa pangkalahatan, malalagom ang kanilang mga sagot sa tatlong aspeto: tinutukoy nila ang Bati bilang isang pista, ritwal, at panata/debosyon. Ito ay matutukoy na isang pista sapagkat maliban sa relihiyoso ang kabuuan at layon ng pagdiriwang na ito, kailangan ang partisipasyon ng buong komunidad upang maisakatuparan ang tunay na layunin ng pagdiriwang. Ito'y sinasabing isang ritwal sapagkat layon nito ang palubagin ang loob ng Panginoong Hesukristo. Bilang isang panata, binibigyan kahalagahan ang pagsasakripisyo na nadarama ng mga batang nagsasayaw upang mabigyang pasasalamat o humiling ng pabor sa Diyos na

kanilang sinasamaba, ganon na rin ang mga kahilingan at panalangin ng naging kasapi sa pag-oorganisa at mga nakiki-isa sa pagdiriwang na ito. Naniniwala ang mananaliksik na ang pakikilahok ng mga Paraqueño sa Sayaw ng Pagbati ay dahil sa udyok ng kanilang espiritu o kaluluwa. Ang pakikiisa nila ay hindi lamang upang magsakripisyo bilang pag-aalay at pasasalamat kay Hesus. Higit sa lahat, ipakita ang kanilang matinding kasiyahan, paniniwala at pananampalataya sa muling nabuhay na Hesukristo.

# KABANATA I

## INTRODUKSYON

### A. PAGPAPAKILALA NG PAKSA

Taun-taon, isinasabuhay ng mamamayan ng Parañaque ang tradisyunal na Salubong o Pista ng Pagkabuhay sa magarbo at tunay na masayang paraan. Nagsisimula ang kasiyahan sa isang prusisyon kung saan ang imahen ng Panginoong Hesukristo at Mahal na Birheng Maria ay pagsasalubungin sa harap ng simbahan at magsasadula ng isang madamdaming pagtatagpo ng banal na mag-ina at ang muling nabuhay na Kristo. Susundan ito ng isang sayaw na ang tawag ay 'BATI', isa sa sinasabing orihinal na tradisyon ng mga taga-Parañaque.

Ang 'bati' o Sayaw ng Pagbati ay isang sayaw ng pagsalubong para sa Panginoong Hesukristo. Sinasalamin nito ang kasiyahan at kagalakan ng mga tao na nabuhay ng muli si Hesus. Isang kinaugaling tradisyon ito sa bayan ng Parañaque na hanggang sa ngayon ay lubos na tinatangkilik ng mga Paraqueños. Isinasagawa ito sa apat na baranggay tulad ng Sto. Niño, San Dionisio, Don Galo at La Huerta. Sa panahon ngayon, may ibang mga komunidad sa Parañaque ang hindi nagsasagawa o nagdaraos ng Salubong gaya sa apat na baranggay na nabanggit. Bakit nga ba ganito na lamang ang pagdaraos ng mga nasabing baryo? Ano nga ba ang kahalagahan ng bati para sa kanila at mga naidudulot nito sa kanilang komunidad?

Dalawampu't-dalawang taon ng naninirahan ang manunulat sa bayan ng Parañaque at nakagisnan na nito ang Syawa ng Pagbati. Naging mananayaw ito sa baryo ng Sto. Niño sa edad na pito at nang lumaon ay naging guro ito ng sayaw sa kanilang baryo ngunit kahit na ganito ay walang kaalam-alam ang mananaliksik kung ano nga ba ang mga kadahilanan sa likod ng pagsasayaw at pagpapartisipa sa sayaw ng pagbati kaya't minabuti nito na magbasa ng mga libro o artikulo ukol rito ngunit nabigo sapagkat iilan lamang ang nabasa na hindi rin naman ganoon kalalim ang pagsasalarawan. Sa mga nabasang akda, napansin ng mananaliksik na iba ang pagpapaliwanag nito sa libro sa pagpapaliwanag ng ibang mga guro ng sayaw ng pagbati. Kung kaya't minabuti ng mananaliksik na alamin ang tunay na kahulugan ng sayaw ayon sa mga Paraqueno upang mapanitili ang tunay na kahalagahan nito sa kanilang komunidad.

## **B. PAGLALAHAD NG SULIRANIN AT LAYUNIN NG PAKSA**

Sa ginawang pagsusuri, nakita ng mananaliksik na iilan lamang ang mga artikulo na nasusulat ukol sa Sayaw ng Pagbati. Kung mayroon mang naisulat ukol dito pahapyaw lamang itong nabanggit at ang ibang mga datos na nakalap ay hindi katugma sa mga pahayag na nakalap sa mga Paraqueño. Ang suliranin ng mananaliksik ay alamin kung ano nga ba ang kahulugan ng Sayaw ng Pagbati sa Paraqueñong pananaw.

Ang layunin ng pagsusuring ito ay: una, tukuyin ang pangyayari sa buhay ng Hesukristo kung saan nakabatay ang pagdiriwang ng Sayaw ng Pagbati. Pangalawa, mailarawan ang hakbang ng Bati at suriin kung may kahulugan ang

ilang mga hakbang. Pangatlo, isa-isahin ang mga saloobin at pananaw ng ilang mga mananayaw at maiugnay ang kanilang mga pananaw sa tatlong aspeto na ilalarawan at pang-apat ay maikumpara itong konsepto ng Bati ng mga Paraqueño sa mga artikulo o akdang nalimbag na ukol dito. Sa gayon ay masuri kung bakit mahalaga ang Bati para sa kanila upang mabigyan linaw kung ano nga ba ang kahuilugan o konsepto ng Bati para sa Paraqueño.

### **C. SAKOP AT LIMITASYON**

Unang-una, bibigyan ng pagbabalik-tanaw ang relihiyosong aspeto ng baryo na nasasakupan at maitala kung ano ang mga tradisyon ng baryo na ito kapag Semana Santa. Hindi ipapakita sa pagsusuring ito kung paano nagsimula ang Bati sa Parañaque subalit tutukuyin o bibigyang linaw ang anyo, katangian at kahalagahan ng sayaw ng pagbati sa lungsod ng Parañaque sa pamamagitan ng pagtala o pagdodokumenta sa mismong araw ng Linggo ng Pagkabuhay na ginanap noong ika-dalawampu ng Abril ng taong 2003, upang matukoy kung bakit tinatanggap o tinatangkilik ng Paraqueños ang sining na ito.

Ang kahinaan ng pagsusuring ito ay walang mga libro o akda ang magiging basehan sa ibang gagamiting konsepto kontra sa mga ideya na nakalathala na, tulad sa naisulat ni Francisca Reyes Aquino sa kanyang akda, kundi ang mga konsepto ng mga nakapanayam. Hindi magiging ganoong kakomprehensibo ang pagsusuri dahil kaunting oras lamang ang nailaan sa mananliksik.

#### **D. PAMAMARAAN NG PAG-AARAL**

Bilang panimula ay nangalap muna ng datos mula sa mga libro, artikulo o kathalain sa iba't-ibang silid-aklatan na maaring pagkitaan ng paksang sinusuri at dahil kakaunti o halos walang malalimang pag-aaral ang nahanap ukol rito, minabuti na lamang na magpunta sa baryo ng La Huerta sa lungsod ng Parañaque upang doon ay makapanayam ang nagtuturo ng sayaw na ito at sa ganon ay mainterbyu ang mga mananayaw nito. Naghanap rin ang mananaliksik ng mga taong kasama sa pagoorganisa ng sayaw na ito upang makapanayam. Pumunta rin ang mananaliksik sa bawat pagsasanay ng mga bata sa baryo ng La Huerta, Don Galo at Ston. Niño sa Parañaque upang makakuha ng impormasyon at opinyon sa mga taong nanunuod nito. Dadaluhan at idodokumenta ng mananaliksik ang mismong araw ng Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ng pagkuha ng litrato at kakapanayim ang mga lumalahok upang lalo itong mabigyan ng ideya sa mga kaganapan sa araw na iyon.

#### **E. KAHALAGAHAN NG PAGESUSURI**

Ang dokumentasyon na ito ay magiging mahalaga para sa mga Paraqueños sapagkat ito'y magiging isa sa mga pag-aaral na maisusulat ukol sa paksang ito. Matutulungan nitong ipreserba ang orihinal na tradisyon ng mga taga-Parañaque na ngayo'y unti-unting nababalewala dahil sa kakulangan ng impormasyon. Mabibigyan ng pansin at malalimang pagunawa ang paksang ito na maaring gamitin ng mga nagtuturo ng sayaw sa kanilang mga estudyante upang hindi mawala ang tunay na pakay at saloobin sa sayaw na ito.

## F. PAGBABALIK-TANAW SA KAUGNAY NA LITERATURA

May iilang akda ang nailahathala ukol sa Sayaw ng Pagbati. Sa karamihang nabasa ng manunulat pahapyaw lamang na natukoy ang sinasabing sayaw. Wala itong malalimang pagsasalarawan o pag-aanalisa. Tulad na lamang sa artikulo ni Basilio Esteban Villaruz:

*With the Catholic church, rituals were Christianized as witnessed in the Bate (a waltz dance at Easter).<sup>1</sup>*

May akdang nagpapatunay na may Sayaw ng Pagbati sa Parañaque ngunit hindi naman isinasalarawan o inaanalisa o tinalakay ng malaliman.

*A youth dance with flag ensues after the Salubong procession in Parañaque and Gasan, Marinduque.<sup>2</sup>*

Kung may malalimang paglalarawan naman sa sayaw na ito hindi naman ito kinilala o tinalakay bilang isang katutubong relihoyosong sayaw ng mga Paraqueños. Gaya na lamang sa naisulat ni Leonor Orosa-Goquinco sa kanyang librong Dances of the Emerald Isles. Sinasabi niya na may sayaw ang mga Pilipinong Kristiyano na may relihiyosong panimula na matatagpuan sa bayan ng Batangas at Gasan, Marinduque. Ito ay ang pagsasabuhay sa masayang pagtatagpo ng nagluluksang Birheng Maria at ang muling nabuhay na Panginoong Hesukristo.

*In the folk religious practice of the Bati, two processions, each headed by a statue representing one of the two reunees, meet at a point where a giant structure has been set up. From the center of this structure, a huge papier-*

---

<sup>1</sup> Villaruz, Basilio Esteban. Philippine Dance in the Soanish Period. NCCAwebsite. ©2000. [www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph)

<sup>2</sup> Bautista, B. at Zialcita, F. Reincarnation and Ressoaion. Cuaresma. Phils: Bookmark, Inc. at Bungang Araw. ©2000. pahina 239.

*mache flower, heart or bird, carries a little girl dressed as an angel. Where the statue of the Risen Christ meets that of his mother, the little cherub is lowered slowly as she sings the Alleluia, and as she dips down, she lifts the black veil from the holy Virgin's statue underneath. At this point, the ceremony of the salubong is completed, and church bells therefore begin pealing out the people's resultant universal joy. In Gasan, Marinduque, a young man and a young woman representing the Risen Christ and the Virgin mother, respectively, actually dance the Bati or Salubong episode to a march played over and over by a town band.<sup>3</sup>*

At kung mabanggit naman ang sayaw ng pagbati at kilalanin na ito ay mula sa Parañaque, hindi naman tumutugma ang ibang pagtukoy nito sa tunay na saloobin at kaalaman ng mga Paraqueños ukol sa sayaw.

*Bate is a festival dance found in two barrios in Parañaque, Rizal, namely La Huerta and Don Galo. Bate means "beat". This beating movement is done with the use of the flag. This dance is performed during the procession on Easter Sunday at the former barrio and during the Ascension in the latter. Many years ago, grown-ups used to perform the dance; but at present young girls, and sometimes, boys dance this is fulfillment of a vow.<sup>4</sup>*

Kung kaya't naging layunin ng tesis na ito ang mailarawan, matukoy at maanalisa ang sayaw ng pagbati batay sa saloobin at kaalaman ng mga taga-baryo at maipakilala ang sayaw ng pagbati ng Parañaque sa kanilang sariling pananaw at at pag-unawa.

## **G. PAGLILINAW NG MGA TERMINO:**

**AUDITION-** isang proseso kung saan ang mga mananayaw ay susuriin ng mga tagapag-turo kung kakayanin ng kanilang katawan ang pagsayaw ng Bati.

**BANDERA-** isang patpat na may nakakabit na tela, na kalahati ng patpat ang haba na ginagamit sa sayaw ng Bati.

---

<sup>3</sup> Goquinco, Leonor Orosa. Dances of the Emerald Isle. Phils: Benlor Publishing. ©1980. pahina 216

<sup>4</sup> Aquino, Francica Reyes. Bate. Philippine Folk Dance. Manila. ©1975. vol.6 pahina 1.

**BATI-** pinaikling termino na nagmula sa salitang Sayaw ng Pagbati na siyang tawag ng mga Paraqueño sa sayaw na matutunghayang sa La Huerta, San Dionisio, Don Galo at Sto. Niño, Parañaque.

**MANANAYAW-** ang mga batang nakapasa ng *audition* upang makapagsayaw ng Bati.

**PANATA/DEBOSYON-** pagsasakripisyo na ginagawa ng mga Pilipino blang kapalit o pasasalamat sa mga biyayang natanggap; pagbubuhos ng kalooban o pagdalangin.

**PARAQUEÑO-** ang tawag sa mga nakatira sa bayan ng Parañaque.

**PISTA-** isang magarbong pagdiriwang na pamamaraan ng pagsamba na dinaraos ng buong komunidad

**PISTA NG PAGKABUHAY/ PASKO NG PAGKABUHAY-** iba pang termino sa Linggo ng Pagkabuhay.

**RITWAL-** isang nakaugaliang pamaraan ng pagdaraos ng isang relihiyosong pagdiriwang kung saan ang tagapagtangkilik ay ang ispiritu at ang komunidad.

## KABANATA II

### ANG BAYAN NG PARANAQUE

Ang Parañaque ay isa sa matatandang bayan sa lalawigan ng Cavite na nasa baybaying dagat at naitatag noong 1572, limampung taon makaraan matuklasan ni Magellan ang Pilipinas. Nasusulat na si Juan de Salcedo, isang manlalayag, ang nakatagpo at nagbukas sa Paranaque sa mananakop na Kastila. Ayon naman sa Diccionario Geografico Estadistico Historico de las islas Filipinas nina Pp. Buzeta at Bravo, taong 1850 naitatag ang bayan na ito sa ilalim ng pamimintakasi ni San Andres de Apostol.<sup>5</sup>

Ang bayan ng Parañaque ay may lawak at may sukat na humigit kumulang sa 4448 ektarya. Ito'y naliligid ng bayan ng Pasay sa hilaga, Muntinlupa sa timog-silangan, sa bandang timog-kanluran naman ay ang Las Piñas, habang ang nasa kanluran ay ang Manila Bay o ngayo'y kilala bilang Reclamation area o Boulevard 2000 area.<sup>6</sup>

Ang namamayaning dialekto sa bayan ng Parañaque ay ang wikang Tagalog. Ito ay nahaluan na ng ibang salitang may impluwensya ng Ingles at Espanyol at mga ibang salitang ginagamit ng mga Filipino sa iba't-ibang rehiyon ng bansa. Ngunit sa mga opisyal na trasaksyon, Ingles ang ginagamit na wika.<sup>7</sup>

---

<sup>5</sup> Santos, Jose P. Si Fr. Joaquin Martinez de Zuniga at ang Wikang Tagalog. Artikulo nakalap mula sa *Aklatang Bayan, Paranaque*

<sup>6</sup> Cruz, Nicanor F. A Sketch of Paranaque. Artikulo nakalap mula sa *Aklatang Bayan, Paranaque*.

<sup>7</sup> "Palanyag" ©2000. [www.geocities.com/palanyag](http://www.geocities.com/palanyag)

## KASAYSAYAN NG PARANAQUE

Noong Nobyembre 30, 1574 may isang batalyong intsik na pirata, sa pamumuno ni 'Limahong' ang sumubok sumalakay sa bayan ng Parañaque. Ang pagsasalakay na ito ay pinigilan ng mga mamamyan. Makaraan ang ilang taon, matagumpay na nasakop ni Juan de Salcedo ang Parañaque.

Mga Agustiniyanong pari ang unang misyonaryo na nagbinyag sa mga Paraqueño bilang Kristiyano, at isa dito si Fr. Diego de Espinar. Sa katunayan, noong 1591, ang bayan ng Longalo (Don Galo) at Palanyag (Parañaque) ay pinagsama-sama sa iisang encomienda sa ilalim ng *Ecclesiastical Community of the Augustinian Order* at politikal na pamamahala ang alkalde mayor ng probinsya ng Tondo.

Maraming tangkang pagsasalakay ang dumaan sa Parañaque, isa na rito ang pag-salakay ng intsik na si 'Cogseng'. Inisip ng mga pari na baka gawing punong-tanggapan ang mga kumbento at simbahan kung kaya't isa-isa nila itong pinagiba. Ang natira lamang na simbahan ay ang itinatag ni Fr. Dionisio Suarez. Ito ang naging simbahan sa pamimintakasi ni San Andres de Apostol. Dito rin itinalaga ang imahe ni 'Nuestra Senora de Buen Suceso Abogado de los Navegates'.

Naging malaking bahagi ang bayan ng Parañaque sa mga giyera at labanan na naganap sa pagkamit ng kasarinlan. Ang naging importanteng araw sa mga Paraqueño ay ang taong Marso 27, 1907, kung kalian nakamit ng Paraqueños ang kanilang independensiya.<sup>8</sup>

---

<sup>8</sup> Angeles, A. at Magsombol, T. Paranaque through the Eyes of a Historian. Accomplishment Report: Paranaque History. File from Aklatang Bayan, Paranaque. Pahina 8

## **BARANGGAY**

Noon ay may anim na baranggay lamang ang Parañaque. Ito ay ang baranggay ng San Dionisio, Sto. Niño, Baclaran, Tambo, Don Galo at La Huerta, ngunit noong 1980 minabuti na hatiin ang bayan sa ilan pang baranggay upang mapabilis at sistematiko ang pag sasakatuparan ng mga programa. Ang nadadag ay ang baranggay ng San Isidro, San Martin de Porres, Sun Valley, Vitalez, Don Bosco, Moonwalk, Merville, BF Homes, San Antonio, at Marcelo Green. Nahati rin ito sa dalawang distrito.<sup>9</sup>

## **EKONOMIYA**

Ang Parañaque ay kilala bilang isang bayan na hitik sa komersyo, maaari na rin sa kadahilanan na ang bayang ito ay nasa ruta ng kalakalan. Bago pa man tumuntong ang mga Kastila sa bayan na ito, nakikipagklakalan na ang mga Paraqueños sa mga Intsik, Indones, Indiyang, at Malay. Ang pangkabuhayan ng mga tao dito ay ang paggawa ng asin, sapatos, pagtanim ng sari-saring halaman, una na ang palay at pangingisda. Gumagawa rin sila ng tsinelas at humahabi ng damit.<sup>10</sup>

## **RELIHIYON**

Ang Parañaque ay masasabing isa sa may maraming populasyon ng mga debotong Katoliko. Marami-rami rin ang aktibo sa kani-kanilang mga parokya pagdating sa mga programa ng simbahan. Lahat ng baranggay sa Parañaque ay

---

<sup>9</sup> *ibid*, Baranggay. Pahina 7

<sup>10</sup> Pimentel Jr., Aquilino Q. *The Local Government Code of 1991- The Key to National Development*, Cacho Publishing House, Inc. © 1993

may kani-kanilang parokya o kapilya. Ang pinakatanyag o madalas na bisitahing simbahan sa Parañaque ay ang simbahan ng Baclaran o mas kilala bilang simbahan ng 'Ina ng Laging Saklolo'. Ang isa pang pinagmamalaking simbahan sa Parañaque ay ang St. Andrew's Church na *diocese* na ngayon ng Las Piñas at Muntinlupa. May iba rin namang relihiyon ang matatagpuan sa Parañaque ngunit ang mga tagasunod nito ay hindi kasing rami ng mga Katoliko. Iglesia ni Cristo at mga Moslem ang sumunod na may malaking bilang ng miyembro.<sup>11</sup>

## ALAMAT NG PARANAQUE

Iba't-ibang mga alamat o kwentong bayan ang nakabalot sa pangalan ng Parañaque. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang salitang "Parañaque" ay nagmula sa salitang '*palanas*' na ang ibigsabihin ay isang malawak, at patag na lugar, na siya namang pagsasalarawan sa heyograpiya ng Parañaque.

Ang ibang bersyon ay nagsasabing maaring galing ito sa salitang '*patanyag*' o paliksahan ng popularidad o sa salitang '*palanac*' na siya namang katutubong termino sa capiz na pangunahing produktong pangkabuhayan ng Parañaque.<sup>12</sup>

Mababasa rin sa ilang akda na maaring hango sa terminong '*palanyag*' o "*embarkation*" ang salitang Parañaque. Noon daw ay may puno sa ilog ng Paranaque na mukhang naglalayag na bangka sa kalayuan. Ito ang nagsilbing gabay ng mga mangingisda kapag naglalayag sa karagatan. Sa kadahalinan na mahirap ito bigkasin ng mga Kastila naging '*palanyac*' ang terminong ito.<sup>13</sup>

---

<sup>11</sup> Courtesy of City Information Office, City Hall, Paranaue

<sup>12</sup> Festin-Baybay, Dulce. First Comprehensive History of Paranaque. City Planning Development Coordinators Office, City Hall, Paranaque

<sup>13</sup> Brief Municipal Background of Paranaque. Municipal Congress Quarterly, 1974

Ang palanyag ay nangangahulugan din na “aking minamahal”. Isinasalarawan nito kung paano naipapamalas ng mga Paraqueños ang kanilang pagmamahal sa kanilang katutubong barrio. Mayroong bersyon kung saan sinasabi na galing daw sa pinagsamang termino na ‘palayan’ at ‘paglalayag’ ang salitang Parañaque sapagkat ito ang mga pangunahing kabuhayan ng kanilang ninuno sa lugar na ito, ang pagtatanim ng palay at paglalayag o pangingsda. Sinabi ni Dulce Festin Baybay na may isang lasing na bisita, sa isang pagdiriwang, ang nagbigay puri sa lugar sa pagsigaw ng “Mabuhay ang Palanyag at ang mga taga-Palanyag”. Sa kalaunan ay ito ang naging tawag ng mga tao sa bayang iyon.

Ang pinakatanyag sa lahat ng kwento ay ang tungkol sa isang Kastila na nakasakay sa isang kalesa. Nang siya ay nasa bayan, pinahihinto niya ang sinasakayang kalesa sa pag sabi ng “*Para Aqui*” (stop here) ngunit hindi naman nakakaintindi ng espanyol ang nagpapatakbo ng kalesa kung kayat’t galit na pinaulit-ulit ng kastila ang pagpaphinto sa kalesa. Sa pagsalin-salin ng kwento laging binabanggit na sinabi ng Kastila ang “*para aniya aqui*” (he said stop here) na siya namang inakalang tawag sa lugar at sa kalaunan ay ay naging Parañaque.<sup>14</sup> Sa dinami-rami ng mga kwento ukol sa salitang Parañaque naipapakita nito na maraming tao ang napadpad sa lugar na ito at mayroon itong isang makulay na nakaraan.

---

<sup>14</sup> Comendador, Pedro A. Kasaysayan ng mga Bayan sa Pilipinas: Paranaque, Rizal. Mula sa **Aklatang Bayan, Paranaque.**

Enero- Bagong Taon

Ito ang buwan kung kailan ipinagdiriwang ng buong pamilya ang Bagong Taon. Nagdaraos sila ng isang media noche bilang pasasalamat sa mga biyayang natanggap at paghinigi ng magandang kapalaran at grasya para sa taong darating, sa mga espiritu at Batahal na kanilang pinaniniwalaan.

Abril- Karakol; Senakulo; Pasyon

Karakol- Ito ay isang bersyon ng sagala o Flores de Mayo ngunit imbis na sa daan o kalsada ito ganapin, ito ay dinaraos sa ilog ng Parañaque. Ang mga naggagandahang mga dilag at makikisisg na mga binata ay nakasakay sa mga pinalamutiang bangka. May kasama ang prusisyon na Musiko o Banda na siyang natugtog upang hindi mainip ang mga nagpruprusisyon. Sa dulo ng prusisyon ay ang bangka lulang ang hermano't hermana mayor na naghahagis ng mga prutas, mais, santol, chico, atbp. sa mga taong nanunuod. Upang magbigay naman ng aliw at kulay sa prusisyon may mga Teclam, na nakasuot ng baro't-saya, ang nagsasayaw sa luob ng isang bangka sabay sa tugtog ng musiko.

Pasyon- ito ay ang pagkanta sa buhay ng Panginoong Hesukristo. Dito maririning ang kwento ng kaniyang pagsilang, paghihirap na dinanas at kamatayan. Isang grupo ng mga kababaihan ang pinakikiusapan kumanta sa isang bahay o

---

<sup>15</sup> Angeles at Magsombol, op.cit., 142-144

kapilya. Ang pagkanta ay umaabot ng tatlong araw hanggang isang linggo depende sa mga kumakanta o sa mga tagatangkilik na siyang nagbibigay ng pagkain at pera sa mga nakanta.

Senakulo- ang tradisyon na ito ay ipinamana pa sa atin ng mga Kastila, isang pamamaraan upang maisadula ang Kristiyanong pananampalataya. Ito ay matutunghayan tuwing Seman Santa. Ito ay ang pagsasadula ng buhay at pagkamatay ni Hesukristo. Ito ay kalimitang ipinapalabas tuwing gabi sa isang entablado sa plaza o kapilya ng baryo.

Makalipas ang senakulo, ipinagdiriwang naman ang Pasko ng Pagkabuhay. Sa pagsapit ng alas-singko ng umaga, ang buong komunidad ng Parañaque ay magpupunta sa plaza upang matunghayan ang mga batang anghel na nagsisiawit ng Osana. Habang sila'y umaawit, ang imahe ni Kristo at ng Birheng Maria ay pagsasamahin sa gitna ng mga anghel at aalisin ng mga ito ang belo ng pagluluksa ng Birheng Maria. Pagkatapos ng pagtatanghal, magsasayaw ang ilang mga bata ng Sayaw ng Pagbati mula sa simbahan at iikot sa buong baryo.

### Mayo- Flores de Mayo

Bago pa man isagawa ang prusisyon ng Flores de Mayo may grupo sa bawat baryo ang magdarasal ng rosaryo sa loob ng siyam na araw, ito ay ang tinatawag na santacruzán. Pagkatapos ng padasal ay may mga palaro na taguan at agawan bahay. Sa ika-siyam na araw ang may palaro na palo sebo.

Makalipas ang dalawa hanggang tatlong araw, idaraos na ang Flores de Mayo. Ito ay ang pagsasariwa sa kaganapan kung saan natagpuan ni Reyna Helena, kasama ni Constantino, ang krus ni Hesus.

Ang Flores ay tumtutukoy sa mga kababaihan na kasali sa prusisyon na magaganap. Sila ay may mga kaukulang titulo gaya ng Reyna Emperatriz, Reyna Hustisya at Reyna Elena na may hawak na krus bilang simbolo sa natagpuang krus ni Hesus.

### Setyembre- Sunduan

Ito ay isa sa panakatanyag na selebrasyon sa Parañaque. Ang sunduan ay hango sa salitang 'sundo'. Nagsimula ito sa bayan ng La Huerta ng may isang babae na naging ang Mariang Pilang, na kapatid ni Padre Tocong, ang nagimbinta sa buong baryo na kumain sa kaniyang bahay matapos iproklama si San Nikolas bilang patron ng kanilang baryo. Pinaunlakan naman ng buong baryo ang imbitasyon kung kaya't ang mga ina ay nagluto at naghanda ng mga pagkain habang ang mga dalagang kababaihan ay sinusunndo ng mga kalalakihan upang samahan sa bahay ni Mariang Pilang.

Ang mga kalalakihan ay naghantay salabas ng bahay, na siyang kaugalian ng matatanda noon. At upang madaliin ang mga babae at hindi mainipa ng mga lalaki, isang banda ang inarkilahan, at isang tradisyon ang nabuo.

Sa kasalukuyan, ang sunduan ay naging makulay at iba na ang layunin nito kumpara sa unang sunduan na naganap. Ngayon ang mga babaeng sinusundo ay nakasuot na ng mga magaganda at makukulay na terno at ang mga salakot

(payong) na hawak ng mga kalalakihan ay kakulay na rin ng suot ng babae. Pumaparada ito sa buong baryo bago pumunta sa bahay ng napiling hermano't-hermana.<sup>16</sup>

### Nobyembre- Araw ng mga Patay

Sa buwan na ito ipinagdiriwang ng buong bayan ang 'Todos Los Santos'. Sa Parañaque, ang mga grupo, kabataan o ilang mahihirap na pamilya ang naglilibot sa buong baryo at naghaharana sa bahay-bahay upang humiling at makiusap na dasalan ang mga yumao nilang kamag-anak o kapamilya. May ibang maybahay ang magbibigay na lang ng perang kontribusyon sa mga nanghaharana.

### Disyembre- Pasko

Ang Pasko ang kinokonsiderang pinakaimportanteng tradisyon ng mga Paraqueños. Dito isinabuhay ang pagsilang ni Hesus sa mundo ng mga tao. Siyam na araw bago magpasko ay ginaganap ang misa de gallo. Dito rin sa mga araw na ito nag sisimulang mag 'caroling' o kumanta sa bahay-bahay ang mga bata o grupo ng simbahan at ibang organisasyon upang manghingi ng donasyon para sa mga kapus-palad na nais nilang tulungan ngayong pasko.

Sa ika-siyam na araw pagkatapos ng misa, nagdaraos ang mga tao ng Noche Buena sa kani-kanilang mga tahanan kasama ang kanilang mga kamag-anak at kapamilya.<sup>17</sup>

---

<sup>16</sup> Remy Matias, 61 taon gulang, San Dionisio, Parañaque, personal na panayam. Enero 23, 2003.

<sup>17</sup> Angeles at Magsombol, op.cit., pahina 145.

### **KABANATA III**

#### **PASYON, KAMATAYAN AT PAGKABUHAY NI HESUS**

Hindi naman mapagkakaila sa mga Pilipino ang buhay ni Hesus, kung tutuusin ay pinag-aaralan ito sa mga Katolikong eskwelahan, ginagamit sa mga pangaral o basahin sa simbahan at minsan ay maririning nating pinamamalita ng mga deboto sa kalsada, bus, pasyalan at kung saan-saan.

Sa panahon ng Kwaresma, ang buhay ni Kristo ang tinutuunan ng pansin, simula ng ito'y isilang hanggang sa kaniyang pagkamatay. Sa bawat araw, iba't-ibang kaganapan ang sinasariwa lalung-lalo na sa Linggo ng Pagkabuhay. Sa buong lingo isinasabuhay ang mga kalbaryo ni Hesus patungo sa kaniyang huling hantungan. Ang pinakatugatog ng pagdiriwang na ito ay ang panahon ng Linggo kung kailan nabuhay ng muli si Hesus.

Ang talambuhay ni Hesus o ang kaniyang pasyon, pagkamatay at muling pagkabuhay ay mababasa sa Bibliya, sa libro ni Mateo, Juan, Lucas at Mark.

*"On the first day of the week, Mary of Magdala came to the tomb early in the morning, while it was still dark, and saw the stone removed from the tomb. So she ran and went to Simon Peter and to the other disciples whom Jesus loved, and told them, "They have taken the Lord from the tomb, and we don't know where they put him." So Peter and the other disciple went out and came to the tomb. They both ran, but the other disciples ran faster than Peter and arrived at the tomb first; he bent down and saw the burial cloths there, but did not go in. When Simon Peter arrived after him, he went into the tomb and saw the burial cloths there, and the cloth that had covered his head not with the burial cloths but rolled in a separate place. Then the other*

*disciples also went in, the one who arrived at the tomb first, and he saw and believed. For they did not yet understand the scripture that he had to rise from the dead. Then the disciples returned home. But Mary stayed outside the tomb weeping. And as she wept, she bent over into the tomb and saw two angels in white sitting there, one at the head and one at the feet where the body of Jesus had been. And they said to her, "Woman, why are you weeping?" She said to them, "They have taken my Lord, and I don't know where they laid him." When she had said this, she turned around and saw Jesus there but did not know that it was Jesus. (John 20:1-15)*

*On the evening of the first day of that week, when the doors were locked, where the disciples were, Jesus came and stood in their midst and said to them, "Peace be with you." When he said this, he showed them his hands and his side. The disciples rejoiced when they saw the Lord. (John 20:19-21)*

*Thomas, one of the twelve apostles was not with them when Jesus came. So the other disciples said to him, "We have seen the Lord." But he said to them, "Unless I see the mark of the nails in his hands and put my finger into the nailmarks and put my hand into his side, I will not believe. Now a week later, his disciples were again inside and Thomas was with them. Jesus came, although the doors were locked, and stood in their midst and said to Thomas, "Put your finger here and see my hands, and bring your hand and put it into my side, and do not be unbelieving, but believe." Thomas answered and said to him, "My Lord and my God." (John 20:24-28)<sup>18</sup>*

Gumawa pa ng ibang mirakulo si Hesus, na saksi ang kaniyang mga disipolo, na hindi naisulat. Ngunit ang mga naisulat na ito ay upang mapaniwala ang mga tao na si Hesus nga ang tunay na Mesiyas, at tunay na Anak ng Diyos.

Kung babasahin mabuti ang nabanggit na istorya sa buhay ni Kristo, mapapansin na hindi nakasaad dito na may mga tao o batang babae ang nagsayaw sa tuwa sa muling pagkabuhay ng Panginoon gaya ng matutunghayan ngayon

---

<sup>18</sup> ~~New Testament.~~ Makati, Phils: St. Paul Publication ©1990

kapag idinaraos ang Salubong. Samakatuwid, ang Sayaw ng pagbati ay isa lamang pamamaraan ng mga Paraqueño upang maipahayag ang kanilang matinding kasiyahan sa muling pagkabuhay ni Hesus.

## **DOKUMENTASYON NG SALUBONG**

Ang Pasko ng Pagkabuhay ay ang pinakamemorableng araw sa buong sangkatauhan ng mga Kristiyano. Sa araw na ito ginugunita at isanasabuhay ang mahigit 2,000 taon mula ng bumangon ang Panginoong Hesukristo sa kaniyang pagkamatay. Sa paraan na ito pinakita niya sa kaniyang pinamumunuan na isang siyang tunay na Diyos.<sup>19</sup>

Araw ng Linggo, Abril 20, 2003, hindi pa man sumisiskat ang araw sa baryo ng La Huerta sa Parañaque, abalang-abala na ang mga tao sa pag-aayos ng kanilang mga sarili at pag-aasikaso sa mga imahe na gagamitin sa prusisyon makalipas ang ilang oras.

Alas tres y medya ng madaling araw ng palamutian ang mga carroza na pagtatayuan ng imahe ng Birheng Maria at Hesus ng mga bulaklak, puting tela at mga ilaw. Ang Birheng Maria ay nakasuot ng isang kulay asul na damit na may burdang bulaklak na kulay ginto habang may belo na kulay itim ang nakapatong sa korona nito. Si Hesus naman ay nakaputing tela na binabalot ang kaniyang katawan at may burda rin itong ginto.

Alas-kwatro ng magsimulang italaga ang carozza na may imahe ng Birheng Maria sa kapilya ng San Dionisio habang ang carozza na lulan si Hesus ay itinalaga

---

<sup>19</sup> ~~Sesalia~~, Dr. Rafael. Morion Festival. Manila ©1970 pahina 30.

sa kapilya ng Don Galo. Habang dinadala ang mga carozza sa mga kapilya may kasama itong musiko na tutugtog upang gisingin ang mga tao sa kanilang mahimbing na tulog at makisama at masaksihan ang pagtatagpo ng banal na magina. Sa bawat grupo, ay may kani-kaniyang namumuno ng pagdarasal. Sa Don Galo magmumula ang mga kalalakihan kasama ang imahe ni Hesus habang sa San Dionisio naman magmumula ang mga kababaihan. Alas-kwatro y medya ng magsimula ang prusisyon, magtatagpo ang dalawang grupo sa plaza malapit sa simbahan ng San Andres. Sa plaza, matiyagang nag-aantay ang mga tao, may limang batang babae na nakasuot ng puting damit na pawang mga anghel ang nakatayo sa isang entablado, sila ang magtatanggal ng belo ng pagluluksa ng Birheng Maria.

Alas-singko ng madaling araw ng magtagpo ang dalawang grupo sa harap ng entablado sa plaza, nagpalakpakan ang mga tao. Nagkaroon ng isang maikling pagsasadula ng pagkatagpo ni Maria Magdalena sa puntod ni Hesus na walang laman at ang pagbubunyag sa mga disipolo ng buhay na ngang muli si Hesus. Matapos ito ay kumanta ang mga batang anghel ng osana at siya naman ding paglagay nila ng lobo sa belo ni Maria at ito'y binitawan upang lumipad ang lobo kasama ang belo. Nang matagumpay na naalis ang belo nagkaroon ng mga paputok at siya ring pagpalakpakan at sigawan ng mga tao. Sa puntong ito umigting ang pagkanta ng batang anghel ng papuri sa Diyos.

Matapos ang seremonyang ito, may mga batang kababaihan ang mapapansin sa ibaba ng entablado, umaabot sa tatlumpu ang bilang ng mga batang nakahanay sa tatlong tuwid na linya. Ito ang mga mananayaw ng 'bati' mula sa

baryo ng San Dionisio, Don Galo at La Huerta. Sinayaw nito ang tradisyunal na Sayaw ng Pagbati na sumisimbolo sa matinding kasiyahan ng mga tao na si Kristo ay muling nabuhay.

Matapos ang sayaw nagkaroon ng isang banal na pagtitipon sa simbahan ng San Andres na susundan ng prusisyon ng mga batang mananayaw sa kani-kanilang baryo, matatapos ang sayaw na ito depende kung gaano kahaba ang kanilang iikutan. Sa Sto. Niño, tapos na ang prusisyon ng mga alas-onse sapagkat maliit lamang ang baryo na ito. Umabot ng alas-dose y medya ng tanghali ang pagsasayaw sa La Huerta.

Babalik sa normal ang serbisyo sa mga simbahan, may mga simbang gaganapin sa mga oras na nakatalaga ngunit sa banal na pagtitipon sa alas-sais ng gabi ang mga bata ay muling magsasayaw sa loob ng simbahan ng San Andres, upang masaksihan itong mga hindi nakapunta ng madaling araw.

## KABANATA IV

### ANG SAYAW NG PAGBATI

Sinasabi ng mga taga-La Huerta na orihinal ang Sayaw ng Pagbati sa kanilang bayan. Ang sayaw na matutunghayan ngayon sa bayan ng Parañaque ay ang mismong sayaw na makikita noong kalaunan ng ika-18 siglo. Tinatayang humigit kumulang isang daan taon ng idinaraos ang pagsasayaw na ito sa Parañaque.

Ayon sa panayam ng manunulat kay Gg. Toots Espiritu, na Chairman ng *Ecclesiastical Committee* sa St. Andrew's Church, isang katutubong Paraqueño ang lumikha at sumulat ng musikang ginagamit sa Sayaw ng Pagbati. Siya ay si Francisco Rodriguez. Maari daw na ginawa ito ni Francisco Rodriguez bago pa man mabuo ang sayaw. Maaring produkto ito ng paglilibang ni Francsco Rodriguez na ngayo'y isang katutubong musika na.<sup>20</sup>

Mga angkan ng Rodriguez ang binibigyang pugay sa pagsisimula ng tradisyon na ito sa Parañaque sapagkat si Francisco Rodriguez ang sinasabing gumawa ng musika ng Bati at si Carmen Rodriguez ang tinatayang naging unang guro ng Sayaw ng Pagbati sa baryo ng La Huerta, Parañaque. Sinimulan ni Aling Carmen ang pagsasayaw ng ito's makaligtas sa isang peligro at nabigyan muli ng pagkakataong mabuhay. Pinatutunayan ito sa panayam ng manunulat sa kasalukuyang guro ng Sayaw ng Pagbati sa La Huerta na si Gng. Violeta Santos.

---

<sup>20</sup> Toots Espiritu, *Ecclesiastical Committee Chairman*, La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Hunyo 12, 2003.

Ang kaniyang ina, na si Gng. Emilia Hernandez, na ngayo'y siyamnapu't apat na taon gulang na ay isa sa mga mananayaw ng Sayaw ng Pagbati noong siya'y labing-isang taong gulang pa lamang. Ang kaniyang guro ay si Carmen Rodriguez.<sup>21</sup>

Naging tanyag ito sa mga Paraqueños, hindi na ito naalis tuwing idinaraos ang Pista ng Pagkabuhay kapag Semana Santa. Kinikilala din ang sayaw na ito bilang isang katutubong sayaw ng mga Paraqueños.

Sa panahon ngayon mas kilala ang sayaw na ito bilang "BATI". Ang 'Bati' ay pinaikling termino na hango sa salitang 'pagbati'. Ang pagbati ay nangangahulugan na kinikilala mo ang isang tao o tinatangkilik mo ang kaniyang presensya. Kung kaya't ang sayaw na ito ay binansagang Sayaw ng Pagbati dahil kinikilala ng mga tao at tinatangkilik nila ang pagdating ni Hesukristo.<sup>22</sup>

Sa panahon nina aling Emilia, dalawa katao lamang ang nagsasayaw nito. May mga hawak itong bandera at nakasuot ng magagarang kasuotan. Wala pang limitasyon sa edad sa panahon nina Aling Emilia, hindi rin usapin kung anong kulay at anong klase ang isusuot ng mananayaw. Mas nakakalamang ang debosyon at mga panalangin sa pagsasayaw ng bati. Ngunit sa kalaunay naging pabata ng pabata ang mga mananayaw ng bati. Ayon kay Gg. Toots Espiritu, mga bata raw ang kanilang pinasasayaw dahil sila ang sinisimbolo nito ang mga querubin o anghel na siyang nagbunyag sa sangkatauhan na buhay ng muli si Hesukristo.

---

<sup>21</sup> Violeta Santos, 59 taon gulang, Guro ng Sayaw ng Pagbati sa La Huerta, Parafiaque. Personal na Panayam, Marso 8, 2003.

<sup>22</sup> Dolly Mateo, 59 taon gulang, Guro ng Sayaw ng Bati sa Don Galo, Parafiaque. Personal na Panayam. Hunyo 10, 2003.

Nang unang matunghayan ang sayaw sa La Huerta, nagkaroon ito ng mga taga-hanga sa iba pang baryo ng Parañaque, tulad na lamang ng baryo ng Don Galo, itnuro naman ito ni Aling Carmen sa mga gustong matuto kung kaya't ng malaman na ng ibang taga-baryo ang sayaw na ito, isinayaw ito sa araw ng pagakyat ni Hesus sa Langit na siyang sumunod na selebrasyon pagkatapos ng Semana Santa. Naging tradisyon ito sa Parañaque kung saan sinasayaw ng taga-La Huerta ang bati kapag Pista ng Pagkabuhay habang ang mga taga- Don Galo ay tuwing "Asencion" o pag-akyat ni Hesus sa Langit. Sa mga taong 1985 napagutos ng kuraparoko ng St. Andrew's Church na tuwing Pista ng Pagkabuhay lamang sasayawin ang Sayaw ng Pagbati.<sup>23</sup>

Sa ngayon ang bati ay matutunghayan lamang tuwing Araw ng Muling Pagkabuhay sa Parañaque (sa baryo ng San Dionisio, Sto.Niño, La Huerta at Don Galo). Sinasayaw ito ng mga batang kababaihan edad 9-12, umaabot sa mga 20 ang bilang ng mananayaw depende sa dami ng gustong sumali. Kailangan makapasa sa '*audition*' kung gustong makasali ng isang bata sa sayaw na ito. Hindi rin kasi biro ang umikot at magsayaw sa buong baryo kung kaya't kailangan rin nilang isipin kung kakayanin ba ng katawan ng bata ang mga gagawin. Kung papansinin ang kanilang kasuotan nagkaroon na rin ng pare-parehong kulay at istilo ang mga damit. Pati mga palamuti sa katawan ay ginawang pare-pareho ng mga nag-oorganisa ng sayaw sapagkat ayaw nilang mamayani ang inggitan at pagandahan sa bawat kasapi sa sayaw. Nais nilang mapreserba ang tunay na

---

<sup>23</sup> Mila Cordero, 66 taon gulang, residente ng La Huerta, Parafiaque. Personal na Panayam. Marso 14, 2003.

hangarin ng sayaw kung kaya't puti ang suot ng mga bata at ipinagbawal ang pagsusuot ng mga malalaking dyamante o ginto na alahas.

Kung susuriin naman ang mga hakbang sa Sayaw ng Pagbati, hindi ito nalalayo sa sayaw na 'bati' na inilarawan sa akda ni Leonor Orosa Goquinco. May parte rin sa sayaw kung saan ang mga mananayaw ay nakaharap sa imahe ng Panginoong Hesukristo at Inang Birheng Maria habang ang kanilang mga bandera ay kinukumpay pataas at pababa na para bang sumasaludo sa sa mga imahe na nakaharap sa kanila.<sup>24</sup> Makikita ito sa parte ng sayaw Numero IX; Musika A; letra (a). Mayroon din parte ng sayaw kung saan ang mga ito ay bubuo ng isang bilog na pormasyon (Numero VI; Musika F; letra (a)). Sinasabi ni Alfredo Rocas na sumisimbolo raw ito sa 'paglalabanan ng buhay at kamatayan' o tagumpay ni Hesus sa kamatayan.<sup>25</sup>

Sinasabi naman ng ilang guro ng Sayaw ng Pagabati na ang mga bandera na hawak ng mga mananayaw ay maikukumpara sa mga palaspas na ginamit ng mga Nazareno sa pagsalubong kay Hesus sa kanilang bayan. Sa Parañaque, bandera ang iwinawagayway ng mga tao sa tinding kasiyahan na dumating ng muli si Hesukristo sa kanilang bayan.

Ang bandang tumutugtog sa sayaw na ito ay 'brass band'. Kalimitan ang Banda Parañaque ang naaanyayahan tumugtog para sa mga mananayaw.

---

<sup>24</sup> Goquinco, Leonor-Orosa. *Dances of the Emerald Isle*. Benlor Publishing. ©1980 pahina 216

<sup>25</sup> Rocas, Alfredo at Grace. *Culture Shock*. Singapore: Manila Times Book Int'l. pahina 67

## HAKBANG NG SAYAW<sup>26</sup>

Ang musika nito ay binubuo ng 9 na parte: A, B, K, D, E, G, H at I.

Bumilang ng isa, dalawa, tatlo sa isang sukat.

### INTRODUKSYON

Introduksyon ng tugtog.

Humarap sa unahan.

Hawak ang bandera sa dulo ng kaliwang kamay, at ang kabilang dulo ay nakapatong sa baluktot ng siko. Ang kaliwang kamay ay malapit sa katawan sa bandang baywang, habang ang kanang kamay ay nakahawak sa palda.

a) Tatlong hakbang na ikot pakaliwa sa lugar (bilang 1,2,3)

Ipwesto ang kanang paa sa ika-limang posisyon sa harap at

ihilig ang katawan ng kaunti palikod (bilang 1) at tumigil

sandali (bilang 2,3) ..... 2

sukat

I

### Musika A

Ang tatlong hanay ay nakaharap sa unahan.

---

<sup>26</sup> Aquino, Francisca Reyes. Bate. Philippine Folk Dance. Manila, Philippines. ©1975. Vol 6. pahina 1-8.

Ilipat ang bandera sa kanang kamay. Ang kaliwang kamay ay nasa baywang. Ang bandera ay igagalaw sa pigura ng numerong otso sa harapa kapantay ng balikat. Isang pigura ng otso ang bubuuin sa bawat 2 sukat.

- a) Ihakbang ang kanang paa patagilid (bilang 1), ilapit ang kanan sa kaliwa at ipwesto sa ika-limang posisyon sa harap (bilang 2,3), hutukin ang katawan at ulo patagilid sa kanan.....1 sukat
- b) ulitin ang (a) papunta sa kaliwa.....1 sukat
- c) ulitin ang (a) at (b) ng ptiong beses..... 12 sukat

## II

### Musika B

Sa kabuuan ng numerong ito, ang bandera ay nasa kaliwang kamay tulad sa introduksyon.

- a) Ihakbang ang kanang paa patagilid at hatakin ang kaliwang paa papunta sa harapan ng kanang paa. Ihakbang muli ang kanang paa patagilid (bilang 1), itaas bahagya ang kaliwang paa papunta sa harapan (bilang 2) at kumandirit gamit ang kanang paa.....2 sukat
- b) ulitin ang (a) ngunit magsimula sa kaliwang paa.....2 sukat
- c) uliting ang (a) at (b) ng tatlong beses.....12 sukat

### III

#### Musika K

Umikot pakanan upang harapin ang kabilang direksyon, hawakan ang bandera sa patpat, gamit ng hinlalaki at hintuturo, kapantay sa dibdib na may tatlong dali ang layo.

- a) ihakbang ang kanang paa patalalikod at hutukin ang bandera sa harap ng kanang balikat (bilang 1), ilapit ang kaliwang paa sa kanan at papitik na igalaw pataas-baba ang kamay ng 2 beses (bilang 2,3) ihilig ang ulo sa kanan..... 1 sukat
- b) ulitin ang (a) gamit ang kaliwang paa at ihilig ang ulo pakaliwa..... 1 sukat
- c) ulitin ang (a) at (b) ng tatlong beses.....6 sukat
- d) ulitin ang a-c.....8 sukat

### IV

#### Musika D

- a) ulitin ang numero III (a) at (b) ng limang beses habang ang bandera ay hawak ng kanang kamay at ang kaliwa'y nasa baywang.....10 sukat
- b) Tumigil sandali..... 1 sukat

## V

### Musika E

Umikot pakanan upang harapin ang kabilang direksyon.

a) ulitin ang numero II, ang braso ay nasa ika-apat na posisyon at parang nagkukumintang ang galaw. Hawakan ang bandera sa kanang kamay..... 2 sukat

b) ulitin ang (a) sa kaliwa. Ilipat ang bandera sa kaliwang kamay at baligtarin lang ang posisyon ng braso.....2 sukat

c) ulitin ang (a) at (b) ng tatlong beses, habang nililipat ang bandera mula sa kanan papunta sa kaliwa, magpalit matapos ang ikalawang sukat..... 12 sukat

## ULITIN ANG INTRODUKSYON

## VI

### Musika F

Umikot pakanan palapit sa mga kalinya.

a) simulan sa kanang paa, mag *waltz* ng dalawang beses papunta sa kanan. Ang kamay ay tulad sa numero I. Umikot sa lugar at ituro ang paa sa loob ng nagawang bilog. Ang kamay ay ituro pababa sa direksyon ng paa .....16 sukat

## VII

### Musika G

a) Ulitin ang numero VI, ngunit ang mga kamay ay gumagalaw pataas sa harap at pababa sa likod, paulit-ulit matapos ang isang sukat. Ilipat ang bandera mula sa kanan papunta sa kaliwa kaptantay ng ulo at sa likod matapos ang isang sukat.....16 sukat

## VIII

### Musika H

Nakaharap sa unahan

- a) Ihakbang ang kanang paa patagilid at hatakin ang kaliwang paa papunta sa harapan ng kanang paa. Ulitin. Ihakbang muli ang kanang paa patagilid (bilang 1), itaas bahagya ang kaliwang paa papunta sa harapan (bilang 2) at kumandirit gamit ang kanang paa.....3 sukat
- b) Ulitin ang (a) simula sa kaliwa.....3 sukat
- c) Ulitin ang (a) at (b).....6 sukat
- d) Ihakbang ang kaliwang paa patagilid ( bilang 1) ilapit ang kanan sa kaliwa ( bilang 2,3)..... 1 sukat
- e) Umikot pakan at humarap sa likod at humakbang patagilid (bilang 1,2,3)..... 1 sukat

## IX

### Musika I

a) Ulitin ang letra (a) sa numero II. Hawakan ang bandera sa kanang kamay at igalaw pataas ang kamay matapos ang isang sukat at ibaba kapantay ang baywang matapos ang isang sukat..... 15 sukat

b) Magsimula sa kanang paa humakbang ng 12 tig-tatatlong maliliit na hakbang palikod, salitan ang kaliwa't-kanan na paa kada isang sukat. Ang kamay ay tulad sa letra (a) ng numero II..... 12 sukat

### SALUDO

Umikot pakanan pahara sa kabilang direksyon.

## KABANATA V

### PAGSUSURI

#### ANG SAYAW NG PAGBATI BILANG ISANG PISTA

*"Fiesta in the Philippines is rooted in religion...  
...a form of worship...  
...a public prayer...  
...a public medium between the Filipinos and his diety..."<sup>27</sup>*

Isa sa matatandang tradisyon na naipamana sa atin ng mga Kastila ang Fiesta o Pista. Ang Pista ay isang taunang pagdiriwang kung saan isinasabuhay o binibigyang pugay ang mga pintakasi ng isang baryo o dili kaya'y bilang pag-alala sa mga pangyayari sa buhay ng Panginoong Hesukristo o Inang Birheng Maria.

Ang kahalagahan ng pista sa relihiyon na aspesto ng Pilipino ay ang pagpapaliwanag na ito ay ang pagkuha sa loob ng mga ispiritwal na nilalang sa pamamagitan ng mga regalo o sakripisyo, upang mas lalong mapagtibay ang kooperasyon at relasyon ng Bathala o Diyos at sa mga taong nananalangin sa kanila. Mula rito masasabi na isa itong paraan ng pagsasamba, dito marahil ipanapakita ng mga tao kung gaano katatag ang kanilang pananampalataya sa kanilang Diyos. Ito rin ay isang paraan ng pagdarasal, dasal para sa mga kahilingan o dasal ng pasasalamat sa mga kahilingang natanggap na.<sup>28</sup>

---

<sup>27</sup> Aluit, Alfonso J. *Galleon Guide to Philippine Festivals*. Manila; Galleon Publications. ©1969.  
pahina 2  
<sup>28</sup> Ibid.

Tuwing may kapistahan, ang buong komunidad ay tila abala sa paghahanda sa kani-kanilang bahay/bakuran pati mga simbahan at buong baryo ay pinapalamutian. Malalaman agad na may pista sa isang lugar kapag may mga makulay na palamuti sa paligid tulad ng mga banderitas, kumikisap na mga ilaw, iba't-ibang mga kulay na paputok, o 'di kaya'y ang mga banal na imahe ay nakasuot ng mga magarbo at makuloy na kasuotan o kaya ang mga carozza ay puno ng palamuti't bulaklak. Mapapansin rin ang tila maingay na kapaligiran dahil sa malakas na tunog ng musiko o banda na kasama ng prusisyon, mga paptuok o ang mga sigaw ng mga nagsasayang mga tao. Sa pista rin mapupuna ang masisiglang kilos ng komunidad, makikita ito sa mga palaro, prusisyon o parada o sa pamamaraan ng isang sayaw at upang maging matagumpay ang isang pista kailangan ang partisipasyon ng buong komunidad.

Ang mga katangiang ito ay hindi maaring mamayani na iisa lamang, lahat ng mga katangiang ito ay magkakaugnay at ito ang bumubuhay sa isang pista. Ngunit ang mga katangiang ito ay kailangang nakapaloob sa istraktura ng pista na inilalarawan ni Hornedo.<sup>29</sup>

May istraktura ang mga pistang nagaganap sa ating bansa. Ang mga istrakturang ito ang magiging batayan upang maipakita na ang Sayaw ng Pagbati ay maaring maikategorya bilang isang pista.

Ang istraktura ng pista ay may tatlong mahahalagang elemento na magkakaugnay. Ito ay ang:

1. alamat (Myth)

---

<sup>29</sup> Hornedo, Florentino H. *Culture and Community in the Phillipine Fiesta and other Celebrations*. UST Publishing House. ©2000 pahina 16-17

2. ritwal (Ritual)
3. Layon o layunin (Purpose)<sup>30</sup>

Sa tesis na ito, papalalimin ang pagsusuri sa elemento ng Ritwal at Layon sapagkat ito ang dalawa pang pagtutukoy na ginamit ng mga Praqueño sa Sayaw ng Pagbati, babanggitin lamang kung anong papel ng alamat sa istraktura ng pista.

Ang alamat ay ang naratibong pundasyon ng pista. Dito nakasaad ang mga nakaraang pangyayari sa buhay ng isang tao o kaganapan, na isinasabuhay o isanasadula sa kasalukuyan. Ito ay nasa sumusunod na anyo:

- a. talambuhay ng taong binibigyang pugay sa kaganapan
- b. isang importanteng pangyayari na konektado sa buhay ng taong binibigyang pugay sa kaganapan
- c. isang kaganapan kung saan nagpakita ng mirakulo o kabighabighaning gawain
- d. ang mga papuri sa taong binibigyang pugay sa kaganapan.

Ang **Ritwal** ay ang liturhiyang pagsasadula sa mga pangyayari sa alamat at ang kakaibang pagdiriwang o pagsasadula nito. Ito ay maaring maipakita sa paraan ng:

- a. dasal tulad ng mga nasa 'novena'
- b. prusisyon
- k. mga programang musikal o pang panitikan
- c. pagsasadula
- d. banal na peregrino

---

<sup>30</sup> *ibid.* 13

- e. katutubong selebrasyon na isinasagawa ng mga relihiyosong tagatustos.<sup>31</sup>

**Layon o Layunin (Purpose)** ay ang kadahilanan ng mga pagsasabuhay o selebrasyon, ang pansariling debosyon o rason ng bawat taong kasama sa selebrasyon o nagpapartisipa sa mga pagsasadula bilang pagtugon sa kani-kanilang mga panata o panalangin. Ito ay makikita sa anyo ng:

- a. pagpapasalamat sa mga natanggap na grasya o biyaya
- b. panalangin sa mga kahilingan
- c. paghingi ng tawad sa mga kasalanan
- d. pagbibigay puri sa ginagalang na tao
- e. pagsasariwa sa mga panahon na nakatamsa ng magandang biyaya
- f. pagsasakatuparan sa isang panata o pangako<sup>32</sup>

Ang Sayaw ng Pagbati ay isang pista, pista ng Muling Pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo. Sa pagdiriwang na ito muling pinapaala sa mga tao ang pangyayari sa buhay ni Hesus, kung saan Siya'y namatay upang mailagtas ang sangkatauhan at muling nabuhay upang maghari ng mapayapa. Maliban sa maikling pagsasadula bago magsimula ang sayaw, ang dalawang imahe na kasama ng prusisyon ng mananayaw ang nagpapakita sa mga tao na muling nagkita si Hesus at ang inang Birheng Maria. Hindi inilarawan sa bibliya ng matinding kasiyahan ng sangkatauhan sa pagbabalik ni Hesus, naisulat naman na isang anghel ang nagsabi sa dalawang babae na buhay ng muli ang Panginoon. Sa Sayaw ng Pagbati, ang

---

<sup>31</sup> Ibid., 14

<sup>32</sup> Ibid.,15

mga batang mananayaw ang nasisimbolong mga anghel. Sila ang nagpapalaganap sa mga tao na buhay na si Hesus at sa paraan ng pagsasayaw naipakita ng mga Paraqueños ang kanilang sariling bersyon at pagunawa sa istorya ng 'Muling Pagkabuhay' o *Resurrection*. Ang sayaw na ito ang siyang naging paraan ng mga tao upang maipahayag ang kanilang mga panalangin, paghingi ng tawad, pagpapatatag ng kanilang pananampalataya at pagkilala sa Panginoon bilang Hari ng Sangkatauhan. Ang sayaw ang siyang manipestasyon ng pananalig ng mga Paraqueños sa Panginoong Hesukristo.

Kung susuriin din mabuti ang araw kung kailan idinaos ang Bati, ang mga katangiang ng pista na nabanggit ay makikita dito. Ang mga carozza ay may palamuti, may mga banderitas sa simbahan, ang mga banal na imahe ay may makulay na kasuotan. Maingay din ang pagdiriwang nito dahil sa mga paputok at patuloy na pagtugtog ng mga musiko para sa mga nagsasayaw ng bati habang umiikot sa buong baryo. Ang mga nanunuod sa sayaw ay tila nakikisayaw rin at ang buong komunidad ay kasapi sa kasiyahang ito.

Makikita na ang mga katangiang ito ay nakapaloob sa tatlong elemento na tinutukoy ni Hornedo na istruktura ng pista. Samakatuwid, makikita natin na maaring maipaliwanag ang sayaw ng pagbati bilang isang pista.

## ANG SAYAW NG PAGBATI BILANG ISANG RITWAL

*"Folkloric dance is often thought of as being a separate and distinct component of rituals. However, the dance itself constitutes the ritual, and the movement and symbolic gestures are interpersonal and blended together into the entire ritual performance."<sup>33</sup>*

*-Ramon Obusan-*

Sa pagdating at pagsakop ng mga Kastila sa Pilipinas sa loob ng tatlong daang taon, binago nito ang pamumuhay ng mga katutubong Pilipino mapa-pulitika, ekonomiya, relihiyon at kultura. Kung kaya't hindi naging pareho-pareho ang kultura, paniniwala at pamumuhay ng mga Pilipino sa bawat isla sa Pilipinas. Kung sa Mindanao ay matatag ang paniniwala sa Islam, sa ibang katutubo ay nanatili ang mga animistikong paniniwala, sa iba naman ay naghalo ang katutubong paniniwala at katolikong tradisyon na siyang pinamana sa atin ng mga Kastila at knikilala bilang katutubong Kristiyanismo.<sup>34</sup>

Naniniwala ang mga Pilipino na may namamayaning kapayapaan sa pagitan ng tao, kalikasan at mundong ispiritwal. Ang balanse na ito ay pwedeng magbago-bago sa paglipas ng panahon at sa mga gawain ng tao. Kung kaya't may mga ritwal na isinasagawa upang manumbalik ang balanse at maipagtibay ang lugar ng bawat isa sa mundong ginagalawan.

May iba't-ibang ritwal ang makikita sa Pilipinas. May ritwal para masabi o mahubog ang hinaharap, ritwal para palubagin ang loob ng mga ispiritu, ritwal upang makasiguro na may magandang ani, ritwal para mapagaling ang may sakit, ritwal para magdulot ng magandang kapalaran at kung anu-ano pang maiisipang dahilan

---

<sup>33</sup> Obusan, Ramon. Rituals in Philippine Dance. [www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph) ©2000

<sup>34</sup> Villaruz, Esteban S. Philippine Dance in the Spanish period. [www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph) ©2000

upang magsagawa ng isang ritwal. Makikita ang katunayan na maraming mga ritwal sa Pilipinas sa mga libro, akda at artikulo na nailahathala na.

Ngunit sa dinami-rami ng mga ritwal, ang sayaw ang siyang namanamayaning elemento sa mga ito. Ayon kay Ramon Obusan, bilang isang pangkalahatang tuntunin, kung may ritwal may sayaw. Ito ang sinasabing pinakamataas na anyo na sumasagisag sa mga ipinahihawatag na mensahe na kumplikado o mahirap ipahiwatig sa salita o iba pang paraan.

Sa mga ritwal ang mga tagapagtangkilik ay ang mga ispiritu at komunidad. Ang mga ispiritu ang tinatawagan upang masaksihan at maki-partisipa sa isinasagawang pagsasabuhay sa sagradong kasunduan sa pagitan ng sangkatauhan at isipirtung mundo. Pinaaalalahanan ang mga ito sa kanilang obligasyon na magbigay ng pangangailangan para sa ikabubuti ng mundong ginagalawan. Ang komunidad ay nabibigyan ng pagkakataon maging kaisa ang saloobin at kaalaman ng bawat ka-baryo at dito rin napapagtibay ang kultura na pinaniniwalaan ng komunidad.

Sinasabi na may paralelismo ang katutubong relihiyon sa Kristiyanismo. Kung kaya't sa pagpalubag ng ating mga katutubo sa sa kanilang mga sinasamba naging madali sa kanila na tanggapin ang ideya na kailangan rin nilang sambahin at palubagin ang banal na ispirtu santo sa katuhan ni Hesukristo.<sup>35</sup>

Sa Sayaw ng Pagbati, ang Panginoong Hesukristo ang pinarangalan ng mga tao. Pumapasok ang ideya ng pagsasayaw bilang isang ritwal sapagkat hinhimok ng mga tao ang ispiritu ng Panginoong na tunghayan ang kanilang ginagawa upang mapakinggan ang kanilang mga kahilingan at pasasalamat. Ang

---

<sup>35</sup> Obusan, loc. cit.

sayaw ang kanilang nagiging regalo sa Panginoon upang mapalubag ang loob nito at bigyang biyaya ang kanilang komunidad. Ang sayaw na ito ang sumasagisag sa kolektibong kasiyahan at pananampalataya ng komunidad ng Parañaque. Sa muling pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo at pagdalo ng mga tao sa pagdiriwang muling binubuhay at naipagtitibay ang sagradong kasunduan na nagsimula ng mabinyagan ang mga Paraqueño bilang mga Kristiyano. Sa aspetong ito masasabi ng manunulat na maaring masabing ritwal ang Sayaw ng Pagbati.

## ANG SAYAW NG PAGBATI BILANG ISANG PANATA O DEBOSYON

*“ Most Filipinos, sacrifice everything they have in life just for the sake of Jesus Christ. By sacrificing, some Filipinos have lost their dignity and demoralized their moral fibers in many respect. That way “panata-ism” is widely spread and has developed ever since in the inception of Christianity in the country until the present time.”<sup>36</sup>*

Ang panata o debosyon ay ang pagsasakripisyo na ginagagawa ng mga Pilipino sa mga ritwal na pagdiriwang bilang kapalit o pasasalamat sa mga natanggap sa taong iyon. Maaring dahil nagkaroon ng lunas ang kanilang matinding karamdaman, nakaligtas sa isang peligosong sakit o naging mabuti ang kalusugan sa taongnakaraan. Maari rin namang dahil nagkaroon ng magandang ani, maginhawang buhay o matiwasay na kapalaran.

Ang panata ay maaring din gawin sa kadahilanan na naging isang kaugalian na ito ng pamilya, pinapasa-pasa ito hanggang sa kasalukuyan at isinasagawa pa rin ng angkan.

Ang pagpapanata ay hindi nalalayo sa kaugalian ng mga Pilipino na *utang na loob*, sa mga pagsasakripisyo o pagsali sa mga ritwal na pagdiriwang, pinapakita dito ang matinding pagpapasalamat na hindi magawang suklian sa ibang pamamaraan.<sup>37</sup>

Ang Sayaw ng Pagbati ay masasabing isang pamamaraan ng pagpapanata o debosyon. Ito ay isa sa mga pagsasakripisyong nakaugalian na ng mga Paraqueños. Sa panayam na ginawa ng manunulat sa mga magulang at mananayaw ng Sayaw ng Pagbati, iba’t-ibang mga saloobin o kahilingan ang nakapaloob sa kanilang pagsasayaw. Mayroong sumasayaw sa kadahilanan na

---

<sup>36</sup> Semilla, Dr. Rafael. Morion Festival. Manila ©1970 panimula-iii-

<sup>37</sup> Roces, Alfredo at Grace. Culture Shock. Singapore: Manila Times Book Int’l. pahina 67

nakaligtas sila sa isang matinding sakit o nagpapasalamat sa magandang kapalaran kanilang natamasa. May mga bata namang sumasayaw hindi para sa pansariling kahilingan o pasasalamat kung hindi para sa magulang o malapit na kamag-anak. Tulad na lamang ni Pamela Andres, 10 taon gulang, na sumasayaw dahil lumayo ang kaniyang ama sa isang masamang bisyo. Si Maridel R. Yu, 10 taon gulang, na sumasayaw dahil sa pagpapasalamat ng ina na kagagaling lamang sa isang operasyon. Si Rochelle Garcia naman ay apat na taon ng nagsasayaw, panata daw ito ng pamilya ng kaniyang ina sapagkat lahat ng babae sa kanilang angkan ay sumali sa sa Sayaw ng Pagbati.

Hindi rin biro para sa isang bata ang magsayaw habang iniikot ang buong baryo sa ilalim ng matinding sikat ng araw at tila ipakita sa mga tao na wala silang kapaguran. Kung tatanungin ang mga bata ukol sa hirap sa pagsaayaw, ang kanilang sagot ay “Walang anuman ito basta para sa Diyos ay gagawin ko.”

## KABANATA VI

### KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Tuwing sasapit ang Mahal na Araw, ang buong Parañaque ay tila nahihinto upang balikan ang mga pangyayari sa buhay ng Panginoon sa loob ng apat na araw o minsan ay isang Linggo. Iba't-ibang pagtatanghal ang nagaganap upang maibalik sa kamalayan ng mga tao ang paghihirap at sakripisyong sinapit ni Hesus para lamang mailigtas ang buong sangkatauhan. Nariyan ang pabasa, kung saan ikinukwento ang buhay ni Hesus sa pamamagitan ng pagkanta, komedya kung saan isinasadula ng mga taga-baryo ang buhay ni Hesus, atbp.

Ngunit sa pag-aalalang ito, hindi lamang kalungkutan ang binabalikan, ang masayang pagtatagpo ng inang Maria at Panginoong Hesukristo ay binibigyang pugay pagsapit ng Linggo. Nakikipagsaya ang lahat sa Pista ng Muling Pagkabuhay ng Panginoon. Iba't-iba rin ang pamamaraan ng bawat komunidad sa pagpapakita ng kanilang kasiyahan. Sa Parañaque, isang kakaibang pagtatanghal ang matutunghayan, ang buong komunidad ay nakiki-isa sa mga kasiyahang nagaganap. At ang sumisimbolo sa kanilang kolektibong kasiyahan ay ang **SAYAW NG PAGBATI**. Sa sayaw na ito inaalay ng bawat batang kasapi ang kanilang pagod at pagsisikap upang dinggin ng Panginoon ang kanilang dasal.

Sa ginawang pagsususri, masasabi ng manunulat na tunay na pinahahalagahan ng mga Paraqueño ang mga tradisyon at kultura sa kanilang komunidad sa kabila ng mabilis na pag-unlad at maraming pagbabago sa kanilang

lugar. Isa sa mga tradisyon na kanilang pinananatiling buhayin sa komunidad at patuloy na pinapasa sa bawat henerasyon ay ang SAYAW NG PAGBATI.

Hindi man naging malinaw ang mga patukoy sa BATI ng Parañaque sa ibang mga libro o akda na nailhatahala na, singurado ng mga Paraqueño na patuloy na buhay at namamayani sa kanilang mga isipan ang tunay na sinsimbolo ng sayaw sa kanilang komunidad. Dumaan man ito sa ilang pagbabago. Pinanatili ng mga Paraqueño ang tunay na saysay at tunay na paniniwala sa sayaw ng BATI. Naihayag sa mga naunang kabanata ng pagsusuring ito ang mga pagbabagong naganap sa sayaw, gaya ng mga pananamit, bilang ng mananayaw at paraan ng pag-organisa at pagsali sa sayaw. Subalit, sa kabila ng mga ito ay nanatiling tulay ang sayaw na ito upang mapagtibay at maipakita ng buong komunidad at kanilang matinding kasiyahan sa muling pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo.

Sa pagsusuring ito, tinukoy ang BATI sa tatlong aspeto, bilang isang pista, isang ritwal at isang panata o debosyon. Mula sa mga nakuhang datos ang BATI ay masasabing isang pista sapagkat maliban sa relihiyoso ang kabuuan at layon ng pagdiriwang na ito, kailangan ang partisipasyon ng buong komunidad upang maisakatuparan ang tunay na layunin ng pagtatanghal. Hindi lamang pansariling panalanagin ang sinasambit ngunit ang panalangin ng buong komunidad. Matutunghayan rin sa pagdiriwang na ito ang mga bagay na kalimitan ay makikita lamang sa isang pista gaya ng mga nabanggit sa mga naunang kabanata.

Ito naman ay sinasabing isang ritwal sapagkat layon nito ang palubagin ang loob ng Panginoong Hesukristo. Pinagtibay ng ritwal na ito ang ang lugar ng Panginoon sa puso't isipan ng buong komunidad kung kaya ganoon na lamang

katindi ang paghaharap at pagsuko ng kanilang mga sarili sa kanilang Panginoon upang sila'y dinggin nito.

Bilang isang panata, binibigyan kahalagahan ang pagsasakripisyo na nadarama ng mga batang nagsasayaw upang mabigyang pasasalamat o humiling ng pabor sa Diyos na kanilang sinasamaba, ang Panginoon, ganon na rin ang mga naging kasapi sa pag-oorganisa at mga nakiki-isa sa pagdiriwang na ito.

Ang ugnayan ng tatlong ito na nakita ng mananaliksik ay: una ang bawat isa ay maring maipakita sa pamamaraan ng isang sayaw. Sumunod ay pare-pareho ang intensiyon nito na palubagin ang loob ng ispiritu ng kanilang Diyos at humingi ng pasasalamat o pabor. At pangatlo ay kailangan ang partisipasyon ng komunidad upang maisakatuparan ang pagdiriwang.

Sa pagtutukoy na ito, maari nating sabihin na ang SAYAW NG PAGBATI, sa Paraqueñong pananaw, ay isang malkaing kasiyahan at pagdiriwang sa muling pagkabuhay ng Panginoon sa pamamaraan ng isang sayaw na layon ang mapalapit ang komunidad sa kanilang Diyos, na siya namang pinagahahandaan ng buong komunidad taun-taon upang mapagpatibay ang kanilang pananampalataya at madinig ang kanilang mga dasal.

Sa pagbibigay depinisyong ito, makikita natin kung gaano kahalaga ang sayaw na ito para sa mga taga-Parañaque. Dito ipinapakita nila sa Panginoon na handa silang mag sakripisyo para lamang maipakita ang kanilang 'di mapantayang pasasalamat sa mga biyayang natanggap o 'di kaya'y pagsamo sa Panginoon na pakinggan ang kanilang mga kahilingan pansarili man o hindi.

Halos lahat ng mga taga-baryo ay sumasama sa pagdiriwang na ito, mula sa pagpapalamuti sa mga carroza, sa pagtutulak ng mga ito at hanggang sa pagsunod sa mga mananayaw. Pinaniniwalaan ng mga Paraqueño na pagsumama sila sa pagdiriwang tiyak na madidinig ang kanilang mga saloobin. Kung kaya't sinasagisag nito ang matinding pananampalataya ng mga taga-Parañaque sa Panginoong Hesukristo.

Ngayong nabigyan na natin ng Paraqueñong pananaw ang depinisyon ng BATI, mairerekomenda ng manunulat na sa mga susunod na pagsusuri ay subukang siyasatin at mabigyan ng malalimang pag-aaral ang pinagmulan ng tradisyon na ito sa Parañaque at kilalanin pa ng mabuti ang mga pangalang nabanggit sa papael na ito na sinasabing nagsimula ng Bati sa La Huerta sa Parañaque. Maari din namang ma-itala at ma-idokumenta ang mga pagbabagong naganap sa sayaw na ito ng mga nakaraang taon. Mairerekomenda rin ng manunulat na ikompara ang sayaw ng Pagbati ng Parañaque sa Sayaw ng Bati sa Gasan, Marinduque o Bataan na nabanggit sa mga akda ng mga tanyag na mananayaw at suriin ang mga pagkakaiba nito.

## **BIBLIYOGRAPIYA**

Aluit, Alfonso J. Galleon Guide to Philippine Festivals. Manila; Galleon Publivations. ©1969. pahina 2

Angeles, A. at Magsombol, T. Paranaque through the Eyes of a Historian. Accomplishment Report: Paranaque History. File from Aklatang Bayan, Paranaque. Pahina 1-8;142-145

Aquino, Francisca Reyes. Bate. Philippine Folk Dance. Manila, Philippines. ©1975. Vol 6. pahina 1-8.

Bautista, B. at Zialcita, F. Reincarnation and Ressurrection. Cuaresma. Phils: Bookmark, Inc. at Bungang Araw. ©2000. pahina 239.

Brief Municipal Background of Paranaque. Municipal Congress Quarerly, 1974

Comendador, Pedro A. Kasaysayan ng mga Bayan sa Pilipinas: Paranaque, Rizal. Mula sa Aklatang Bayan, Paranaque.

Cruz, Nicanor F. A Sketch of Paranaque. Artikulo nakalap mula sa Aklatang Bayan, Paranaque.

Festin-Baybay, Dulce. First Comprehensive History of Paranaque. City Planning Development Coordinators Office, City Hall, Paranaque

Goquinco, Leonor Orosa. Dances of the Emerald Isle. Phils: Benlor Publishing. ©1980. pahina 216

Hornedo, Florentino H. Culture and Community in the Phillipine Fiesta and other Celebrations. UST Publishing House. ©2000 pahina13-17

New Testament. Makati, Phils: St. Paul Publication ©1990

Obusan, Ramon. Rituals in Philippine Dance. [www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph) ©2000

Villaruz, Esteban S. Philippine Dance in the Spanish period.  
[www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph) ©2000

"Palanyag" ©2000. [www.geocities.com/palanyag](http://www.geocities.com/palanyag)

Pimentel Jr., Aquilino Q. The Local Government Code of 1991- The Key to National Development, Cacho Publishing House, Inc. © 1993

Roces, Alfredo at Grace. Culture Shock. Singapore: Manila Times Book Int'l. pahina 67.

Santos, Jose P. Si Fr. Joaquin Martinez de Zuniga at ang Wikang Tagalog. Artikulo nakalap mula sa Aklatang Bayan, Paranaque

Semilla, Dr. Rafael. Morion Festival. Manila ©1970 pahina panimula-iii-; 30.

Villaruz, Basilio Esteban. Philippine Dance in the Spanish Period. NCCAwebsite. ©2000. [www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph)

## **PERSONAL NA PANAYAM**

Andres, Pamela. 10 taon gulang, mananayaw ng Bati sa Don Galo, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20,2003

Bautista, Lea. 9, taon gulang, mananayaw ng Bati sa La Huerta, Parañaque.

Cordero, Mila. 66 taon gulang, residente ng La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Marso 14, 2003.

Costosa, Dancel. 10 taon gulang, mananayaw ng Bati sa Don Galo, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20,2003

Espiritu, Toots. Ecclesiastical Committee Chairman, La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Hunyo 12, 2003.

Garcia, Rochelle, 12 taon gulang, mananayaw ng Bati sa La Huerta Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20,2003

Ibarra, Cresandra Thereze. 12 taon gulang, mananayaw ng Bati sa Don Galo, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20,2003

Jose, Bernardo. 53 taong gulang, residente ng La Huerta Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Leonardo, Leon. 70 taon gulang, namamahala sa carroza. La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Leynes, Tina. ina ni Elsa Leynes, residente ng La Huerta Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Matias, Remy. 61 taon gulang, San Dionisio, Parañaque. Personal na Panayam. Enero 23, 2003.

Mateo, Dolly. 59 taon gulang, Guro ng Sayaw ng Bati sa Don Galo, Parañaque. Personal na Panayam. Hunyo 10, 2003.

Ramirez, Tessie. 64 taon gulang, residente ng La huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Sanchez, Alfa. 10 taon gulang, mananayaw ng Bati sa Don Galo, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Santos, Nanay. 77 taon gulang, residente ng La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Santos, Philip. 53 taon gulang residente ng La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Santos, Racie. 12 taon gulang, mananayaw ng Bati sa La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Santos, Violeta. 59 taon gulang, Guro ng Sayaw ng Pagbati sa La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Marso 8, 2003.

Teodoro, Cita. ina ni Cris Teodoro, residente ng La Huerta, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

Yu, Maridel. 10 taon gulang, mananayaw ng Bati sa Don Galo, Parañaque. Personal na Panayam. Abril 20, 2003

## **LISTAHAN NG MGA APPENDIS**

**APPENDIS A:** Mapa ng Parañaque

**APPENDIS B:** Notasyon ng Musika ng Bati

**APPNEDIS C:** Larawan ng mga imahe

**APPENDIS D:** Larawan ng mga Mananayaw

**APPENDIS E:** Larawan ng 'costume'

**APPENDIS F:** Listahan ng mga aktibidades ng Simbahan sa Mahal na Araw

**APPENDIS G:** Impormal na kopya ng mga pakikipanayam

## **LISTAHAN NG MGA APPENDIS**

**APPENDIS A:** Mapa ng Parañaque

**APPENDIS B:** Notasyon ng Musika ng Bati

**APPNEDIS C:** Larawan ng mga imahe

**APPENDIS D:** Larawan ng mga Mananayaw

**APPENDIS E:** Larawan ng 'costume'

**APPENDIS F:** Listahan ng mga aktibidades ng Simbahan sa Mahal na Araw

**APPENDIS G:** Impormal na kopya ng mga pakikipanayam

# RAÑAQUE

## Points of Interest

- 1. (Redemptorist) Church, 1
- 2. Dry Goods Markets, 2
- 3. Night Club Strip, 3
- 4. Manila Restaurants, 7

- 5. La Huerta, 6
- 6. Temple, 5
- 7. 10
- 8. Shopping Mall, 7
- 9. Free Philippines, 4

- 10. Goods Market and Play restaurants, 9
- 11. St. Andrew's Church, 8

ASEANA SITE

RECLAIMED AREA

MANILA PRODIGY

MAKATI CITY

PASAY CITY

BACLARAN

TAMBO

ASIAWORLD CITY

DOMESTIC AIRPORT

VITALEZ

NINYO AQUINO INTERNATIONAL AIRPORT

DONGALO

STO. NIÑO

MERVILLE

SAN MARTIN DE PORRES

LA HUERIA

MOONWALK

SUN VALLEY

DON BOSCO

SAN DIONISIO

SAN ISIDRO


MARCELO GREEN

SAN ANTONIO

B.F. HOMES

Appendix A

N



MANILA PRODIGY

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

RECLAIMED AREA

# BATE

Appendis B-i

Dance & Music Reported  
by — EMERITA E. BASILIO

Notation by: Mr. DOMINGO  
Arrangement by — PRAXEDES M. BAYA

A - I

The first system of musical notation for section A-I. It consists of two staves: a treble clef staff on top and a bass clef staff on the bottom. The key signature has one flat (B-flat), and the time signature is 3/4. The melody in the treble staff begins with a quarter rest, followed by a series of eighth and sixteenth notes. The bass staff provides a simple accompaniment with quarter and eighth notes.

The second system of musical notation for section A-I. It continues the melody from the first system. The treble staff features a more active line with eighth and sixteenth notes, while the bass staff continues with a steady accompaniment.

B - II

The first system of musical notation for section B-II. It begins with a first ending bracket labeled '1.' over the first two measures. The second measure is followed by a second ending bracket labeled '2.' over the next two measures. The section is marked 'B-II'. The treble staff has a more complex melody with many sixteenth notes, and the bass staff has a steady accompaniment.

The second system of musical notation for section B-II. It continues the melody from the first system. The treble staff features a descending melodic line with many sixteenth notes. The bass staff continues with a steady accompaniment. A first ending bracket labeled '1.' is placed over the final two measures of this system.

C - III

The first system of musical notation for section C-III. It begins with a first ending bracket labeled '2.' over the first two measures. The section is marked 'C-III'. The treble staff has a melody with many sixteenth notes, and the bass staff has a steady accompaniment.

Appendis B-ii

1. 2.  
Appendis B-ii

D-IV

E-V

Musical notation system 1, featuring a treble and bass clef. The treble clef contains a melodic line with eighth and sixteenth notes. The bass clef contains a bass line with eighth notes. The text "Appendix B-iii" is written in the upper right corner of the system.

Musical notation system 2, featuring a treble and bass clef. The treble clef contains a melodic line with eighth notes and a first ending bracket labeled "1." and a second ending bracket labeled "2.". The text "I - IX" is written above the second ending. The bass clef contains a bass line with eighth notes.

Musical notation system 3, featuring a treble and bass clef. The treble clef contains a melodic line with eighth notes and a slur. The bass clef contains a bass line with eighth notes.

Musical notation system 4, featuring a treble and bass clef. The treble clef contains a melodic line with eighth notes and a slur. The bass clef contains a bass line with eighth notes.

Musical notation system 5, featuring a treble and bass clef. The treble clef contains a melodic line with eighth notes and a slur. The bass clef contains a bass line with eighth notes.

Musical notation system 6, featuring a treble and bass clef. The treble clef contains a melodic line with eighth notes and a slur. The bass clef contains a bass line with eighth notes.

Intermission

F - ~~Appendis~~ B-iv

The first system of music consists of two staves. The treble staff begins with a treble clef and a key signature of one flat. It contains a series of eighth and sixteenth notes, with some beamed together. The bass staff begins with a bass clef and contains a series of chords and single notes, primarily in the lower register.

The second system continues the musical piece. The treble staff features a melodic line with eighth and sixteenth notes. The bass staff provides harmonic support with chords and moving lines.

The third system includes first and second endings. The first ending is marked with a '1.' and a repeat sign, leading to a second ending marked with a '2.'. The label 'G - VII' is positioned above the second ending. The notation continues with eighth and sixteenth notes in both staves.


The fourth system shows further development of the melody in the treble staff and the accompaniment in the bass staff. The rhythmic patterns remain consistent with the previous systems.

The fifth system continues the piece, with the treble staff carrying the main melodic theme and the bass staff providing a steady accompaniment.

The sixth and final system concludes the piece. The treble staff features a final melodic flourish, and the bass staff provides a concluding accompaniment. The label 'H - VIII' is placed above the final measure.


Apprendis B-iv

Finale



Ang imahе ng Inang Biheng Maria


Ang mga imahе na ito ay kasama sa prusisyon ng mga mananayaw. Nakapwesto ito sa bandang likuran ng mga mananayaw kaharap ang musiko na tumutugtog para sa mga mananayaw.




Ang imahе ng Muling Nabuhay na Hesus



Iti naman ang mga "batang anghel" na naghintay sa dalawang imahе na magsasalubong sa plaza. Sila ang magaalіs ng belo ng pagluluksa ng Inang Biheng Maria.



Ang mga mananayaw ng BATI sa La Huerta, Paranaque




Ang unang parte ng Bati ay sinasayaw na nakaharap sa mga faong nanunuod.



Ang pangalawang parte naman ay sinasayaw na nakaharap sa mga imahe na kasama sa prusisyon at tila nagbibigay galang sa mga ito sa pamamagitan ng pagsaludo gamit ang kaniyang bandera sa pagwagayway nito pataas at pababa.




Sa parte ng sayaw na ito gumagawa ng bilog ang mga mananayaw tila ipinapakita ang tagumpay ni Hesus mula sa Kamatayan.



Ang 'costume ng mga mananayaw ng Bati. Mapapansin na pati mga palamuti sa katawan ay kulay puti lamang. Hangad ng mga nag-oorganiza na panatilihin simple ang mga mananayaw upang hindi manaig ang inggitan at patuloy an mapreserba ang saysay ng sayaw.

**St. Andrew Cathedral**  
Quirino Ave., Parañaque City



*Pangkalahatang Tema:*

*“Ama Patawarin mo sila sapagkat  
di nila nalalaman ang kanilang  
ginagawa.”*

**Mahal Na Araw 2003**

**April 13-20**

APRIL 13 8:00 N.U.	LINGGO NG PALASPAS Pagbabasbas ng mga Palaspas sa Plaza
APRIL 14 6:15 N.U. 6:30 N.U. 12:00 N.T. 6:00 N.G. 7:30-9:30 N.G.	LUNES SANTO MISA KUMPISAL MISA MISA BANAL NA PAGTITIPON ( <i>Sa loob ng Simbahan</i> ) Tagapagsalita: Rev. Fr. Andres "Chito" Rañoa, OFM Paksa: Easter Triduum: Pagdiriwang ng Pag-ibig ng Diyos
6:00-8:00 N.G.	KUMPISAL
APRIL 15 6:15 N.U. 6:30 N.U. 12:00 N.T. 6:00 N.G. 7:30-9:30 N.G.	MARTES SANTO MISA KUMPISAL MISA MISA BANAL NA PAGTITIPON ( <i>Sa loob ng Simbahan</i> ) Tagapagsalita: Rev. Fr. Ely Santos Paksa: Pagbabalik-loob
6:00-8:00 N.G.	KUMPISAL
APRIL 16 6:15 N.U. 6:30 N.U. 12:00 N.T. 6:00 N.G. 7:30-9:30 N.G.	MIERCOLES SANTO MISA KUMPISAL MISA MISA BANAL NA PAGTITIPON ( <i>Sa loob ng Simbahan</i> ) Tagapagsalita: Rev. Fr. Corsie Legaspi Paksa: Disfunctionality (Pagkasira) at ang Pamilya
6:00-8:00 N.G.	KUMPISAL

APRIL 17

HUWEBES SANTO

7:00-9:00 N.U.

**MISA NG KRISMO (Chrism Mass)**Tagapagdiwang: **His Excellency Bishop Jesse E. Mercado, D.D.**

9:00-12:00 N.T.

**KUMPISAL**

3:00-5:00 N.H.

**KUMPISAL**

5:30 N.H.

**MISA SA HULING HAPUNAN/****PAGHUHUGAS NG PAA**Tagapagdiwang: **His Excellency Bishop Jesse E. Mercado, D.D.**

7:00-12:00 N.G.

**KUMPISAL**

7:00 N.G.

**PAGTATANGHAL NG****BANAL NA SAKRAMENTO**

PAGTATANOD

COMMUNITY CHOIR

7:00 N.G.

San Antonio

San Antonio Choir

Tramo Community El Shaddai

8:00 N.G.

San Dionisio Comm. DCYA &amp; SAPC

9:00 N.G.

Don Galo Comm.

BCC/Teatro Buen

Suceso

10:00 N.G.

La Huerta Comm.

Jazz Mass Choir

10:30 N.G.

Adoracion Nocturna

Bagong Tinig

12:00 N.G.

Benediksiyon

APRIL 18

BIERNES SANTO

(Wala Pong Misa sa Umaga)

8:00-12:00 N.T.

**KUMPISAL**

12:00-3:00 N.H.

**Pitong Huling Wika (Seven Last Words)**

Live Telecast – Channel 2

3:00 N.H.

**PASYON NG PANGINOON  
PAGSAMBA SA BANAL NA KRUS  
PANGKALAHATANG PAKIKINABANG**  
Tagapagdiwang: His Excellency Bishop Jesse E. Mercado, D.D.

6:00 N.G.

**PRUSISYON NG LIBING NI KRISTO**  
(*Magdala po ng Kandila*)

APRIL 19

**SABADO DE GLORIA**  
(Wala Pong Misa sa Umaga)

10:00-12:00 N.T.

**KUMPISAL**

4:00-6:00 N.H.

**KUMPISAL**

8:00 N.G.

**PAGBABASBAS NG APOY SA PLAZA**

Tagapagdiwang: His Excellency Bishop Jesse E. Mercado, D.D.

(*Harap ng Pque. Mun. H.S. Annex*)

**ANG SAYAW NG LIWANAG AY GAGAWIN SA  
LOOB NG SIMBAHAN**

**MISA NG MULING PAGKABUHAY**

**PAGPAPANIBAGO NG MGA PANGAKO SA BINYAG**  
(*Magdala po ng Kandila*)

APRIL 20

**LINGGO NG PAGKABUHAY**

4:00 N.U.

**PRUSISYON NG SALUBONG**

(Si Kristo ay Magsisimula sa Don Galo Chapel at ang Mahal na Birhen ay sa San Dionisio Chapel)

4:30 N.U.

**MISA SA PLAZA**

5:30 N.U.

**SIMULA NG REGULAR NA MISA SA LOOB NG  
SIMBAHAN: (5:30; 7:00; 8:30 at 10:00 ng Umaga.)  
(3:30; 5:00; 6:30 at 8:00 ng Gabi).**

472-02-66

Jes

**Mga Impormal na Pakikipanayam sa mga taong nakikinuod at nakikisama sa parada**

**Philip Santos**, 53 taon gulang, matagal na residente ng La Huerta

**Nanay Santos**, 77 taon gulang, matagala na residente ng La Huerta

**2. Palagay niyo bakit sinasayaw ang Bati?**

Philip: It's just a continuation of tradition, matagal na kasi 'yan sa La Huerta eh, taon-taon ganyan.

Nanay: tsaka para sa pagkabuhay ni Kristo yan, kaya nagsasayaw ang mga bata, nung nabuhay ako mayroon na niyan eh. Mag-ootsenta na ako, noong una eh dalawa lang ang nagsasayaw niyan ngayon eh dumami na.

Philip: tsaka dati eh kani-kaniyang patahi ng damet yan walang katulad ngayon.

**2. Bakit ho kaya nahihikayat sumali ang mga bata sa Bati?**

Philip: kani-kaniyang panata yan eh, siguro ang iba may hiling. Sa iba naman family tradition nila, sasali lahat ng henerasyon.

**2. Ano ba ang kakaiba sa Bati at ittog tinatangkilik hanggang ngayon?**

Philip: ako gusto kong makasama sa kasiyahan, masaya kasi manuod, maraming tao, maingay, magagaling din kasi sumayaw ang mga bata.

Nanay: Pagkatapos naman ng mga malulungkot na araw eh sumaya naman ngayon (tatawa ng malakas).

**2. Magiging kumpleto ba ang Salubong kung wala ang Bati?**

Philip: ah hindi, yan nga ang inaabangan eh magiging malungkot, kailangan yan ng mga tao para ma-alala na buhay ulit ang Panginoon.

**Leon Leonardo**, 70 taon gulang, namamahala sa carroza. La Huerta, Parañaque.

**Bernardo Jose**, 53 taong gulang, la Huerta Parañaque

**2. Palagay niyo bakit sinasayaw ang Bati?**

Leon: Para yan sa pagkabuhay ni Hesus, pagsalubong sa kanya.

Bernardo: para din yang I re-reaffirm ang faith mo, kasi pagkabuhay ni Hesus. Sasama sila itto upang ipakita na naniniwala pa rin sila sa Hesukristo.

**2. Gaano na ito katagal itto?**

Leon: Matagal na, panata yan ng pamilya ko kaya ako nandito.

Bernardo: OO sina Ka Leon ang nagaasikaso ng mga santo itto, sila nagaayos, may anak pa nga siyang kasali sa mga nagsasayaw eh.

**Alam po ba ng anak niyo kung bakit siya nagsasayaw?**

Leon: OO siya naman may gusto sumali diyan eh, ako may panata kaya ako nag-aasikaso ng santo. Ang anak ko may wish din para sa sarili niya; pero kami naman kahit walang kapalit, kahit hindi pa matupad ang mga hiling naming gagawin pa rin naming ito para sa pagmamahal naming sa Panginoon.

Bernardo: OO basta kami nakikisaya ngayon, at nagaasikaso walang hinahantay na kapalit. We just want to continue the tradition.

**3. Ano ang kahalagan ng Bati sa komunidad ninyo?**

Bernardo: Aba dito yata nagsimula sa Parañaque ang Bati orihinal yan.

**4. Magiging kumpleto ba ang salubing kung wala ang bati?**

Leon: Para sa akin hindi, kasi nakasanayan ko na..hindi kumpleto kung wala ito. Tsaka ito anglagi kong pinakakaabangan kapag Semana Santa.

Bernardo: Hindi, tignan mo naman ang dami pa rin ng tao, pag wala ito parang patay pa rin ang Panginoon.

**Tess Ramirez, 64 taon gulang, La huerta, Parañaque**

**1. May anak po ba kayong sumasayaw?**

Wala akong anak diyan pero matagal na akong nanunuod ng Bati. Ang ate ko kasi sumayaw niyan dati pa, mga 1940 pa yun. Muntik na kasing malunod ang ate ko pagkatapos eh naging panata niya na iyan. Dati hindi maramihan, dalawa lang yan, tsaka walang costume, kahit anong suot pwede, minsan may naka green o kaya yellow. Ngayon ginawang white para walang daigan. Tsaka istrikto si Ka Violy ayaw niya na naka diamond ang iba o kung anu-anong accessories ang meron kaya ngayon pati palamuti iisa lang.

**2. Palagay niyo bakit isinasali ang mga bata?**

May iba diyan may panata na gaya ni Ka Telly tsaka yung anak niya. Ako nga nakadama ng lungkot kasi yung mga apo ko eh hindi nakasali, isa asa states, isa naman nasa Nueva Ecija. Kasi parang it's an honor o privilege na makasali diyan to dance for the Lord. Sa iba naman parang thanksgiving for the blessing they received this year. Yung iba naman gusto talga sumali, siguro para din sa wish nila.

**3. Palagay niyo bakit madami pa rin ang tumatangkilik dito?**

Siguro tulad ko kasi gusto ko Makita sino ang mga nagsasayaw. Makisama sa kasiyahan. Buhay na buhay ang tradisyon na ito nakita mo naman na every year yan lang din naman ang sayaw na pinapakita pero hindi kami nagsasawa, maganda kasi, simple masaya.

**Pakikipanayam sa ilang mga magulang ng mga mananayaw**

**Mrs. Teodoro**, ina ni Cris Teodoro, La Huerta, Parañaque

**1. Bakit ninyo pinasali ang inyong anak?**

Gustong-gusto niya sumali, pangalawang taon na nga ito, nung una ay hindi siya nakapasa sa audtion ni aling Violy kasi maliit pa raw siya, talagang nalungkot ang bata, isang taon ba naman magensayo, eh kaming mag-asawa eh nakiusap na lamang sa Panginoon na pasalihin ang aking anak ngayong taon, pag hindi pa ulit makasali hindi na naming alam kung paano aamuhin ang bata. Dinasal ko naman na oras na makasali eh pagsasayawin ko ang bata hanggat kaya namin. Medyo na trauma nga iyan at baka daw mapahiya na naman. Sakitin kasi yan, mahina nag katawan. Yan na lang siguro ang mai-ooffer niya kay Lord.

**2. Paano naman po ang gastos medyo may kamahalan ang damit?**

Wala sa akin ang gastos basta sumaya lang ang anak ko. Basta hanggat kaya niya eh kakayanin.

**Ina ni Lea Bautista**, La Huerta, Parañaque

**1. Bakit ninyo pinasali ang inyong anak?**

Gusto niya talaga, sabi niya sa akin “ Mama sa susunod na taon sasali ako ng bati ha”. Kaya eto kami ngayon.

**2. Paano naman po ang gastos medyo may kamahalan ang damit?**

Wala sa akin yun, parang tinutulungan naman ako ng nasa itaas, pag bayaran na dumarating nag pera hindi ako namumurablema.

**Anak ni Mrs. Violy Santos**

**1. Bakit ninyo pinasali ang inyong anak?**

Lola niya kasi ang nagtuturo pero kung sa amin talga eh ayaw naman ng anak ko dahil mahiyain yan. Hidni niya hilig ang pagsayaw.

**2. Paano naman po ang gastos medyo may kamahalan ang damit?**

Okay lang sa gastos natutustusan naman eh.

**Telly Garcia**, ina ni Rochelle Garcia, La Huerta, Parañaque

**1. Bakit ninyo pinasali ang inyong anak?**

Panata na namin yan, apat na taon ng nagsasayaw ang anak ko, kasi sabi naming hanggat pwede ay pasasayawin naming.

**2. Paano naman po ang gastos medyo may kamahalan ang damit?**

Okay lang ito kasi minsan isang taon lang naman yan.

**Pakikipanayam sa ilang mananayaw**

**Dancel Costosa**, 10 Don Galo, Parañaque

Nagsasayaw dahil gusto ng kaniyan ina ngunit may pansariling kahilingan na gusting matupad.

**Maridel R. Yu**, 10, Don Galo, Parañaque

Nagsasayaw dahil nagkasakit nag kaniya ina at ang hiling niya nung isang taon ay natupad na.

**Pamela Andres**, 10, Don Galo, Parañaque

Nagsimula magsayaw nong isang taon, pinasali ng kaniyang ina ngunit may kahilingan para sa pamilya

**Alfa Sanchez**, 10, Don Galo, Parañaque

Ginustong sumali dahil nakaligtas sa isang aksidente kung saan inoperahan pa ang kaniyang mukha. Pinangko ng ina na isasali dahil nga nakaligtas sa sakuna.

**Cresandra Thereze Ibarra**, 12, Don Galo, Parañaque

Wala pa siyang hiling pero inaalay niya sa Panginoong nag kniyang ginagawa.

**Rochelle Garcia**, 12, La Huerta Parañaque

Sumali dahil panata ito ng kanilang pamilya ngunit may personal pa rin na kahilingan na hinihingi sa Diyos.

## **Pakikipanayam sa mga nagtuturo ng Sayaw**

**Mrs. Violeta Santos, guro ng Bati sa La Huerta, Parañaque**

### **1. Gaano na kayo katagal sa serbisyo ng pagtuturo ng Bati?**

Last summer lang ako nagturo kasi nagpunta sa states yung talgang nagtuturo nito, but my mom was one of the teachers ng bati dati, she's 94 years old now.

### **2. Bakit ho kaya ito tinwag na Bati?**

It's really Sayaw ng Pagbati. Bati is a ritual dance to welcome or greet the Lord's resurrection. It' is done every year.

### **3. Sino ang nagturo sa inyo ng Bati? Kailan niyo ito natutunan?**

Ang mother ko ang nagturo sa akin ng sayaw when I was a little girl pero noon pa man alam ko ng may Bati kasi nga nakikita ko ito na sinasayaw ng mother ko pagnagtuturo.

### **4. Paano nagsimula ang Sayaw ng Bati sa Parañaque?**

Sabi ng mother ko, si Carmen Rodriguez ang unang guro ng Bati, sakanya ito nagsimula.

### **5. Anong costume ng mananayaw at bakit ganito ang costume?**

A white gown, very simple, flowy and they hold a flag called 'bandera'. Ganito ang damit because they represent the angels in heaven.

### **6. Sa anong okasyon sinasayaw ang Bati?**

Every Easter Sunday talga yan, Sa Linggo ng Pagkabuhay.

### **7. Anong karaniwang formation ng sayaw? At ilang figures mayroon ito?**

May 3 columns, yung row depende sa kung gaano kadami ang sasayaw. This have 12 figures.

### **8. Iba pang impormasyon na alam niyo ukol sa sayaw.**

This dance is also like a prayer for some of the people. Sa celebration na ito ipinapasa-Diyos nila ang kanilang mga hiling at panalangin.

**Dolores “Dolly” Mateo, guro ng Bati sa Don Galo, Parañaque.**

**1. Gaano na kayo katagal sa serbisyo ng pagtuturo ng Bati?**

26 years na akong nagtuturo ng sayaw na ito.

**2. Bakit ho kaya ito tinawag na Bati?**

Ito ay Sayaw ng Pagbati talga. Ang mga matatanda ay iniksian ang tawag dito, ginawang Bati.

**3. Sino ang nagturo sa inyo ng Bati? Kailan niyo ito natutunan?**

Wala. Malimit kong Makita ang Ate Jane ko na siyang nagtuturo noon. Sa panonood ko sa kanya, natutunan ko ang sayaw. Natutuhan ko ang sayaw na tio mga 8 or 9 years old ako.

**4. Paano nagsimula ang Sayaw ng Bati sa Parañaque?**

Mas makabubuting sa talaan o Chairman of Ecclesiastical Committee ng St. Andrew’s Cathedral kunin ang ulat ukol dito.

**5. Anong costume ng mananayaw at bakit ganito ang costume?**

Putting marikit, simple ngunit disente at elegante. Ang mga dancers, sila ang kumakatawan sa mga anghel na buong galak na sumasayaw ng pagbati sa Muling Pagkabuhay ng Panginoon.

**6. Sa anong okasyon sinasayaw ang Bati?**

Primer na okasyon: Easter Sunday minsan mga special occasion ni Santa Mariang Birhen.

**7. Anong karaniwang formation ng sayaw? At ilang figures mayroon ito?**

Taltuhan ang formation. May 12 figures at waltz ang ginagamet na steps.

**8. Iba pang impormasyon na alam niyo ukol sa Bati.**

Ito ay sayaw panata ng mga magulang para sa kaniang anak na babae pagsapit nito ng 9-13 years old patungkol sa lakip na personal na kahilingan.

**Toots Espiritu, Chairman ng Ecclesiastical Committee ng St. Andrew's Cathedral**

**1. Ano ang Bati?**

Ang Bati is a welcome dance for the Resurrected Christ.

**2. Bakit ho ito tinawag na Bati?**

Actually its not Bati, it's Syaw ng Pagbati pinaikling termino lang ang Bati. It means to greet, it's a welcome dance kasi,

**3. Paano ho ito nagsimula sa Parañaque?**

My grandmother told me na Rodriguez clan ang nagsimula ng Bati sa Parañaque. Actually, the music is original to Parañaque kasi a Paraqueño made it. Si Francisco Rodriguez. Out of a hobby lang siguro kaya ito nagawa. Si Carmen Rodriguez naman ang nagsimula ng pagsasayaw tuwing Pista ng Pagkabuhay, thanksgiving niya ito sa Panginoon kasi nakaligtas siya sa isang peligro sa kanyang buahy, nabigyan siya ng second life. Nung naisayaw na ito, nagustuhan ng iba kaya naman itunuro niya ito sa gusting matuto. Noong una ay La Huerta at Don Galo lamang ay may mananayaw ng Bati ngayon ay kasama na ang San Dionisio at Sto. Niño.

**4. Bakit mga bata ho ang nagsasayaw hindi po ba kasama ang mga matatanda?**

Kaya naman mga bata ang pinasasayaw naming ay dahil sinisimbolo nila ang mga batang anghel o querubin, eh wala namang matandang querubin di ba? Tsaka pagkakataon na ito ng mga bata maipakita nag pagmamahal at paniniwala nila kay Kristo.

**5. Ano ho ang kahalagahan ng Bati para sa mga taga- La Huerta?**

Importante ito sa amin lalo na't kami'y mga Katoliko sapagkat naipapakita namin dito ang aming pananampalataya sa Panginoon. Dito rin namin idinadasal ang aming mga kahilingan at panalangin sa Panginoon.